TRUTH CENTERED TRANSFORMATION

MODYUL 2



ANG KAHARIAN NG DIYOS

Gabay ng Pasiliteytor

Ang 'Truth Centered Transformation' ay isang ministeryo ng Reconciled World. Bisitahin ang tctprogram.org

Reconciled World

Ang ‘Truth Centered Transformation’ (o Pagbabagong Nakasentro sa Katotohanan) - Modyul 2: Kaharian ng Diyos ay may Copyright ©2020 Version 4. Reconciled World, Phoenix, Arizona, United States of America. www.reconciledworld.org

Ang araling ito ay may pahintulot na magamit ayon sa patakaran ng lisensya ng *“Creative Commons Attribution-ShareAlike 3.0.”* Ikaw ay pinapayagan at hinihimuk na iangkop, kopyahin, ipamahagi at magpahatid ng araling ito sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon:

Pagpapatungkol – Dapat mong kilalanin ang araling ito sa pamamagitan ng paglalagay ng mga sumusunod na pangungusap: Karapatang Magpalathala © Taong 2012. Inilathala ng “Reconciled World” (www.reconciledworld.org) sa ilalim ng tuntunin ng lisensya ng *“Creative Commons Attribution-ShareAlike 3.0.”* Para sa mga karagdagang impormasyon, bisitahin at tingnan ang “www.creativecommons.org.”

Di-Pangkomersyal – Huwag gamitin ang araling ito sa mga pangnegosyong pamamaraan.

Kung ikaw ay interesadong isalin sa ibang wika ang material na ito, makipag-unayan sa info@tctprogram.org.
Lahat ng mga talata o siping ginamit sa araling ito na tagalog na versyon ng modyul ring ito, malibang nilathala ang versyong ginamit ay hango mula sa Banal na Biblia, “Magandang Balita Biblia.”
Para sa Ingles na kopya ng modyul na ito ang mga talatang ginamit ay hango sa *“New International Version,”* (NIV) na may Karapatang Magpalathala sa mga taon ©1973, 1978, 1984, 2011 ng *“Biblica, Inc.TM”* At pinahintulutang gamitin ng *“Zondervan.”* Lahat ng pangdaigdigang karapatan ay inaangkin ng *“www.zondervan.com.”* Ang “NIV” at “New International Version” ay tatak-pangkalakal na nairihistro sa *“United States Patent and Trademark Office”* ng *“Biblica, Inc.*™

Bago Mo Ito Simulan

Paghahanda para sa Pagpapasilita ng isang aralin

1. Basahing lahat ang **Gabay ng Pasiliteytor** nang mabuti at nang maraming ulit kung maaari. Guhitan o gumawa ng mga tala sa gilid ng mga pahina upang mapa-alalahanan ang sarili ng mga mahahalagang punto o katotohanan.
2. Tingnan ang mga **Pangunahing Ideya** mula sa unahan ng bawat aralin upang malaman kung ano ang mga aralin na dapat matutunan ng mga kalahok sa pagkatapos ng bawat aralin.
3. Basahing lahat ang mga **talata o sipi** bago pa man magpasilita. *[Ang mga ito ay inilakip na sa bawat aralin – dagdag ng nagsalin]*
4. Markahan ang mga **kakailanganin o gagamiting mga materyal** para sa bawat aralin at siguraduhing **magpakopya o magpa-imprenta ng mga Talaan ng Kalahok** at **lumikha ng mga tulong sa pag-aaral o "visual aids" na gagamitin** sa bawat aralin.
5. Pakasiguruhin na alam na alam mo ang bawat **aktibidad** sa mga aralin tulad ng: (dula, palaro, at mga visual aids). Maaari mo itong insayuhing kasama ang iyong pamilya o mga kaibigan.
6. Maglaan ng oras para **manalangin** upang ihanda ng Diyos ang mga kalahok, at para marinig ng mga kalahok ang nais ng Diyos na kanilang malaman, at upang tulungan ka ng Diyos sa iyong pagpapasilita ng araling ito. **Tandaan na tanging sa pamamagitan lamang ng Diyos at Kanyang lakas na ating masasaksihan ang pagbabago sa buhay ng mga tao.**

Mga Makakatulong na Pahiwatig para sa Epektibong Pagpapasilita

1. Dumating ng maaga at ihanda ang mga gagamitin maging ang lugar na iyong gagamitin.
2. Huwag magmadali sa pagpapasilita ng aralin. Maglaan ng sapat na oras para sa talakayan, aktibidad, at mga pahinga. Ang layunin ay upang magkaroon ng oras ang mga kalahok na maunawaan at makibahagi sa proseso ng pag-aaral. Lumipat sa susunod na aralin sa bilis na nauunawaan ng lahat ang pinag-aaralan. Ang ibang modyul ay maaaring gumugol pa ng karagdagang kalahating araw o isang buong araw pa.
3. Palagiang balikan ang mga araling natapos. Sa bawat pasimula ng mga sesyon, balikan ang lahat nang natutunan sa modyul. Ang pag-uulit-ulit ay nakakatulong na matandaan ng mga kalahok ang mga natalakay o natutunan.
4. Sundin ang Gabay sa Pagpapasilita at ang iyong mga tala sa iyong paghahanda.
5. Siguruhing maisama ang lahat ng apat na bahagi ng bawat aralin.
    a. Panimula ng aralin – ang mga aktibidad ay magdudugtong sa aralin mula sa nakaraang mga karanasan.
    b. Magbigay ng bagong impormasyon – maraming paraan upang maituro ang mga bagong impormasyon.
    c. Bigyan ang mga kalahok ng mga bagay na kanilang magagawa tungkol sa kanilang natutunan – ang mga aktibidad ay magpapahintulot sa kanila na higit na maunawaan ang mga ideya sa pamamagitan ng paggawa kasama ang iba, paglikha ng isang bagay, o paggawa ng isang aktibidad.
    d. Ikonekta ang mga impormasyon sa kanilang buhay – ang paglalapat sa dulo ng bawat aralin ay makakatulong sa mga kalahok na magpasya sa espisipikong mga paraan paano nila ilalapat ang mga bagong impormasyon na kanilang natutunan sa kanilang buhay. Ang pag-aaral ng walang paglalapat ay hindi magdadala ng pagbabago at hindi lubos na nakakatulong.

6. Balikan ang iyong natutunan na mga prinsipyo tungkol sa pag-aaral para sa matatanda at ang iba pang mga kasanayan itinuro sa Pagsasanay ng Paghuhubog sa mga Pasiliteytor o 'Facilitator Development training.'
    a. Magbigay ng maliwanag na panuto.
    b. Magtanong ng maraming bukas-na-katanungan o mga tanong na di-masasagot ng oo at hindi.
    c. Pasalamatan ang mga kalahok sa kanilang pagsali sa talakayan.
    d. Huwag sabihin sa tao ang kanilang maaaring matutunan ng sila lamang o na kanilang maaaring madiskubre.
    e. Susugan kung ano ang alam na ng mga kalahok at kilalanin ang kanilang karanasan.
    f. Maging pasinsyoso at maghintay na tumugon ang mga kalahok.
7. Himukin ang bawat isa na makilahok, magbahagi, at magkaloob ng saloobin tungkol sa talakayan. Maghanap ng paraan upang mahimuk ang mga mahihiyaing kalahok na makibahagi na hindi natin sila napapahiya.
8. Manalangin sa buong araw para ipahayag ng Diyos ang mga bagong bagay sa iyo at sa iyong mga kalahok.

Paano Gamitin ang Gabay ng Pasiliteytor

1. **Pangunahing mga Ideya at Materyal:** Ang bawat aralin ay nagsisimula ng ganitong seksyon.
    a. **Pangunahing mga Ideya** – Ito ang mga pinakamahalagang ideya na dapat matutunan ng bawat kalahok sa bawat pagtatapos ng aralin. Sa bawat pagtatapos ng aralin, maglaan ng panahon upang balikan ang mga ito upang masiguro na nauunawaan ang mga ito ng mga kalahok.
    b. **Materials** - Ang espisipikong mga kinakailangang gagamiting mga bagay ay nakalista sa bawat aralin. Maaari mong ihanda at ibigay ang buong Gabay ng Kalahok sa bawat isa o ilang mga piling bahagi nito ayon sa suhestyon sa bawat aralin. Kung hindi ka gagamit ng Gabay ng Kalahok, maaari mong isulat ang mga talata at mga tanong sa pisara o poster o sa maliliit na mga papel para sa maliliit na mga grupo. Amin ding iminumungkahi na gumamit ng poster, o putting pisara o pisara para sa malaking grupong talakayang.
    c. Ang Gabay ng Pasiliteytor na ito ay nagpapahiwatig kailan gagamitin ang mga sumusunod:
        i. **GABAY NG KALAHOK** – ito ay may ganitong marka.
        ii. **TULONG SA PAGPAPASILITA O 'VISUAL AIDS'** – ito ay may ganitong marka.
2. **Panuto para sa Pasiliteytor:** May mga espisipikong mga panuto sa aralin na makakatulong sa iyong mahusay na pagpapasilita. Hindi ito kailangan ibahagi sa mga kalahok. Basahin ang mga ito sa iyong paghahanda para sa talakayan and aktibidad. Ang ilang mga tanong ay may sagot na nakatagilid upang makatulong sa iyong pagpapasilita kung ano ang dapat mapalabas na aralin para sa mga kalahok. Ang mga ito ay hindi ang mga tanging sagot, ang mga ito ay pawang mga magagandang kasagutan.
3. **Pamamahala ng oras at takbo:** Ang panahong gugugulin ay hindi itinakda sa bawat aralin.
    a. Gumamit ng sapat na panahon na kailangan upang matulungan ang mga kalahok na matutunan ang mga ideya sa mga aralin. Higit na mas mahalaga na ating bigyan ng panahon ang matututunan ng mga kalahok kaysa sa matapos ang aralin sa iyong itinakdang panahon.
    b. Tandaan na maglaan ng panahon para sa pasiliteytor na makapagsimula sa pamamagitan ng 'Devotion,' pagbabahagi ng mga patotoo, pagtalakay sa anumang problema na kanilang kinakaharap sa ngayon, at manalanging sama-sama.

Aralin 1: Ang Kaharian ng Diyos

Pangunahing Ideya
Ang Kaharian ng Diyos ay kahit saan na S'ya ang kinikilalang Hari at ang Kanyang batas ang sinusunod. Ang Kaharian ay lumalawak o lumalaki kapag ang mga tao ay sumusunod sa Diyos at kapag sinusunod Siya ng higit na kumpleto.

Gagamiting Materyales: Wala

Ano ang kaharian ng Diyos?

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN
Nang si Jesus ay naglakad sa lupa, Kanyang ibinahagi ang kanyang plano. Ang planong ito ay kanyang nabanggit ng 98 beses sa Bagong Tipan. Sinabi pa nga ni Jesus na ito ang buong dahilan kung bakit Siya isinugo ng Ama dito sa lupa, at Kaniya rin isinugo ang Kanyang mga disipulo upang ituro rin ito. Tinalakay ito ni Pablo at kaniya pa tayong hinimuk na ipanalangin ito.

- Alam nyo po ba kung ano ito?

MALILIIT NA MGA GRUPONG TALAKAYAN
Basahin ang mga sumusunod na talata at sagutin ang mga tanong:

- **Mateo 10:5-8** – Ano ang sinabi ni Jesus na ituro ng Kanyang mga Disipulo nang Kanyang isinugo sila?
- **Lucas 4:43** – Bakit isinugo si Jesus?
- **Mga Gawa 1:3** – Ano ang itinuro ni Jesus sa Kanyang huling 40 na araw na pananatili sa lupa?
- **Mga Gawa 28:30-31** – Ano ang itinuro ni Pablo?

Mateo 10:5-8 *"5 Ang labindalawang ito'y isinugo ni Jesus at kanyang pinagbilinan, "Huwag kayong pupunta sa lugar ng mga Hentil, o sa alinmang bayan ng mga Samaritano. 6 Sa halip, hanapin ninyo ang mga nawawalang tupa ng sambahayan ng Israel. 7 Humayo kayo't* ***ipangaral na malapit nang dumating ang kaharian ng langit****. 8 Pagalingin ninyo ang mga maysakit at buhayin ang mga patay. Pagalingin at linisin ninyo ang mga may ketong, at palayasin ang mga demonyo. Yamang tumanggap kayo nang walang bayad, magbigay naman kayo nang walang bayad."*

Lucas 4:43 *"Subalit sinabi niya,* ***"Dapat ko ring ipangaral sa ibang mga bayan ang Magandang Balita tungkol sa kaharian ng Diyos, sapagkat ito ang dahilan kaya ako isinugo.""****"*

Mga Gawa 1:3 *"Sa loob ng apatnapung araw pagkatapos ng kanyang pagkamatay, nagpakita siya sa kanila at sa pamamagitan ng maraming katibayan ay pinatunayan niyang siya'y buháy.* ***Nagturo siya sa kanila tungkol sa paghahari ng Diyos.****"*

Mga Gawa 28:30-31 *"30 Nanirahan si Pablo sa Roma nang dalawang taon, sa bahay na kanyang inupahan, at tinanggap niya ang lahat ng pumupunta sa kanya. 31* ***Siya'y buong tapang at malayang nangaral tungkol sa kaharian ng Diyos at sa Panginoong Jesu-Cristo.****"*

PAG-UULAT NG LAHAT

Ang plano pala ng Diyos ay Kanyang itatag ang Kanyang Kaharian o Kaharian ng Diyos. Habang ating nabasa mula sa mga talatang ating pinuntahan, ang pangunahing ideyang ito ay parehong itinuro ng ating Panginoong Jesus at ni Pablo. Sa katotohanan, ito pala ang paksa na tinalakay ni Jesus sa Kanyang huling 40 araw. Halata naman, kung ikaw man ay may 40 araw na lamang upang magturo, ang iyong ituturo ay siguradong yung mga pinakamahalaga o pinaka-importante. At kung ito'y mahalaga sa ating Panginoong Jesus, dapat din itong mahalaga para sa atin. Ganon, pa man, marami sa atin ang hindi nakakaunawa sa katagang "Kaharian ng Diyos."

MAGPARTNER NA AKTIBIDAD

- Paano mo ilalarawan ang Kaharian ng Diyos sa isang bagong mananampalataya?

PAG-UULAT NG LAHAT

Ang Kaharian ng Diyos ay hindi naman talaga mahirap ipaliwanag. Ang Kaharian ng Diyos ay 'kahit saan na si Jesus ang kinikilalang Hari at ang Kanyang batas ang sinusunod. Kaya, kahit saan tayo makakita ng mga taong sumusunod sa Diyos at sinusunod ang Kanyang mga layunin, iyon ay Kanyang maliit na piraso ng Kanyang Kaharian. At ang Kaharian ng Diyos ay hindi darating sa kanyang kaganapang lubos hanggang magbalik ang Panginoong Jesus muli at lahat na nang mga bagay ay Kanyang binago na at wala nang kasalanan.

Ang Panginoong Jesus ang Ating Hari

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

- Paano kadalasan umakto o kumilos ang hari?
- Sa iyong palagay ba ay katulad si Jesus ng mga naging hari sa mundo? Gaano siya katulad? Gaano Siya kakaiba?

Ang ating Panginoong Jesus ay isang MAPAGMAHAL na Hari. Kanyang nalalaman ang lahat. Siya'y makapangyarihan sa lahat; Kanyang nilikha ang mundo. Siya ay may perpektong kaalaman; Kaniyang nalalaman paano kumilos ang lahat na pinakamahusay. Kaniyang nais ang pinakamaganda para sa mundo at sa lahat ng naroroon. Ang Kanyang paghahari ay para sa ating kabutihan.

Pakinggan po ninyo itong kwento tungkol sa dating hari ng Thailand.

Ang Thailand ay isang kaharian! Ang dating hari na si Haring Bhumibol Adulyadej ay isang kamangha-manghang hari at siya'y minamahal ng mga tao. Kahit na siya'y namatay na, ang mga tao ay nangungusap pa rin ng mga magagandang bagay tungkol sa kaniya. Minsan kanyang nabanggit sa kanyang pananalita na kanyang naiibigan ang kulay dilaw, kaya ang mga tao ay nagpasyang magsuot ng dilaw na damit sa araw ng Lunes. Ang kanyang misis ay naiibigan naman ang kulay ube, kaya maraming tao ang nagsusuot ng damit na kulay ube sa tuwing Biyernes. Siya ay **labis na minamahal at hinahangaan** na tanging sa kanyang pagsasabi na nagugustuhan niya ang kulay dilaw ay naapektuhan ang mga tao sa kanilang pananamit.

Dumating ang isang panahon sa kanyang paghahari, sinakop ng militar ang gobyerno ng Thailand. Nagkaroon ng kaguluhan at paglalaban-laban sa lansangan. Ang mga sumusuporta sa gobyerno ay lumaban sa mga sumusuporta sa militar. Ang bawat isa ay nag-aalala na, na lalala lamang at kanilang sitwasyon. Bilang nagsalita ang hari. Kanyang sinabi na kanilang tigilan ang kanilang pag-aaway-away at sa halip ay maghanda para sa isang halalan. Kaagad-agad huminto ang awayan at labanan. Walang sumalungat ni nagtanong tungkol sa sinabi ng hari; kanilang ginawa ang sinabi ng hari. Kahit na may galit pa rin silang nararamdaman, hindi na ito mahalaga. Ang hari ay nagsalita at ang mapasaya at masunod ang hari ay higit na importante kaysa sa kanilang nararamdaman.

- Paano naapektuhan ng pagnanasa ng hari ang kaugalian ng mga tao?
- May kilala po ba kayong haring tulad nito?
- Bakit nakinig sa hari ang mga tao? Ito ba ay dahil sa takot o sa pag-ibig?
- Ating bang tinatrato ang ating Haring si Jesus tulad ng pagtrato ng mga tao sa Thailand sa kanilang hari? Atin bang hinahangad na kalugdan ang Panginoong Jesus sa lahat ng ating ginagawa?

Tayo ay bahagi ng Kaharian ng Diyos, at si Jesus ang ating Hari. Kailangan nating pagsikapang kalugdan ang ating Hari at gawin ang anumang Kanyang sinabi sa parehong paraan o higit pa, paano sinikap ng mga Thai na kalugdan ang kanilang hari. Kung ang mga Thai ay labis na nagmamahal sa kanilang hari na kahit sa kanyang

pagsasabi laman ng kulay na kanyang nagugustuhan ay naaapektuhan na ang pananamit ng mga tao, hindi po ba dapat ay ganoong din tayo na dapat tayong maapektuhan ng pagmamahal sa atin ng ating Hari, na si Jesus?

Ang Panawagan ng Diyos upang Magtatag ng Kanyang Kaharian

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

Basahin ang **Mateo 6:9-10** *"9 Ganito kayo mananalangin, 'Ama naming nasa langit, sambahin nawa ang iyong pangalan. 10 Dumating nawa ang iyong kaharian. Masunod nawa ang iyong kalooban dito sa lupa tulad ng sa langit."*

- Ano ang hinihiling ng ating Panginoong Jesus na ating hilingin sa panalangin?
    - *Ang kanyang Kaharian ay dumating at ang kanyang kalooban ang matupad.*

Nais ng Diyos na itatag ang Kanyang Kaharian dito sa mundo. Mayroong dalawang pangunahing paraan sa pagtatatag ng Kaharian ng Diyos.

1. Paramihin ang bilang ng tao sa Kaharian ng Diyos sa pamamagitang makita silang nangangaligtas.
2. Makitang ang kalooban ng Diyos ay nagagawa ng higit na dumaraming tao.

Kung nais po nating makita ang kalooban ng Diyos na nagagawa ng marami, kailangan din nating makita na maraming nangangaligtas at sumusunod sa Diyos, at dapat tayo nabubuhay ayon sa nilalayon ng Diyos sa LAHAT ng bahagi ng ating buhay. Sa ibang modyul ay ating titingnan ang tungkol sa paghahayag ng ebanghelyo sa detalyeng paraan. Sa ngayon, mahalaga na ating matandaan na kailangan nating ibahagi ang mabuting balita ng ating Panginoong Jesus sa kanila na di pa mananampalataya.

Ang Panawagan ng Diyos na Sumunod sa LAHAT ng Bagay

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

Basahin ang **Colossas 3:17** at **I Corinto 10:31**.

Nais ng Diyos na ating Siyang kalugdan at parangalan sa lahat ng pagkakataon. Ang mga talatang ito ay nagsasabi na, anuman ang ating gawin, dapat natin itong gawin na nagbibigay luwalhati sa ating Diyos. Ang parehong talata ay nagsabi ng parehong ideya ng 'sa lahat na ating gagawin o ginagawa.' Sa Colossas: 'At **anuman** ang inyong **gagawin o sasabihin**, gawin ninyong lahat sa pangalan ng Panginoong Jesus at sa pamamagitan niya'y magpasalamat kayo sa Diyos Ama.' Sa Corinto naman ay: 'Kaya nga, **kung kayo'y kumakain o umiinom, o anuman ang ginagawa ninyo**, gawin ninyo ang lahat sa ikararangal ng Diyos.' Inulit ito ni Pablo sapagkat nais niyang ating maunawaan na dapat tayong magdala ng kaluwalhatian sa Diyos sa LAHAT NG BAGAY.

- Sa inyong palagay, paano tayo makakapagbigay ng luwalhati sa Diyos sa paraan ng ating pagkain?
    - *Kumain ng may pasasalamat, hindi nagrereklamo. Pasalamatan ang Diyos kung ano ang mayroon tayo.*
    - *Himukin ang iba habang kumakain.*
    - *Imbitahan ang iba na walang sapat o nangangailangan ng panghihimuk habang kasalo kang kumain.*
    - *Siguruhin na ang pagkaing nakahain ay patas na mababahagi sa bawat miyembro ng pamilya.*

MALILIIT NA MGA GRUPONG AKTIBIDAD

Panuto para sa Pasiliteytor: *Gawin ang sumusunod na tsart sa pisara. Punana ang unang dalawang halimbawa ng sama-sama. Pagkatapos ay gawing sama-sama ng kagrupo upang makagawa ng listahan ng 10 pang karaniwang mga aktibidad. Hatiin ang mga kalahok sa maliliit na mga grupo at bigyan ang bawat maliliit na mga grupo ng ilang aktibidad upang talakayin ano ang kanilang ilalagay sa ikalawa at ikatlong pahalang.*

Para sa bawat aktibidad isipin ang tungkol sa:

- Ano ang karaniwang ugali ng tao na gumagawa ng tungkuling ito?
- Paano mo ito magagawa na nagbibigay luwalhati sa Diyos?

Aktibidad o Gawain	**Karaniwang Pag-uugali**	**Panghinaharap na Aksyon na magbibigay luwalhati sa Diyos**
Paghuhugas ng pinagkainan o ng mga damit	*Ginagawang mabilis at nagrereklamo*	*Pagbubutihan ko upang maging mas malinis ang aking nilabhan o hinugasan. Aawit ako ng papuri sa Diyos habang naghuhugas o naglalabas, na nagpapasalamat na ako'y nakakatrabaho, at ang trabahong ito ay para sa Kanya.*
Paggagapas ng damo o sa taniman	*Maraming natitira dahil mahirap itong trabaho. Kalimitang huli na nang magsimula at di natatapos ang trabaho.*	*I will start early and remove ALL of the weeds. I will sing a song to God while I work and take pride that I have done a good job for my family and God.*

Konklusyon

Ang ating Panginoong Jesus ang ating Hari. Siya ay mapagmahal, makapangyarihan sa lahat, at matalinong Hari. Kanyang ninanais ang pinakamahusay para sa Kanyang mga tao. At bilang Kanyang mga taga-sunod, dapat natin sundin ang Kanyang mga batas sa lahat ng erya ng ating buhay. At isa doon sa Kanyang mga batas ay ang pagluluwalhati sa Kanya sa lahat ng ating ginagawa at sinasabi.

PANG-ISAHANG PAGMUMUNI-MUNI

Balikan ang pang-araw-araw na listahan ng aktibidad. Pumili ng 2 araw-araw na aktibidad na iyong nanaising mapapurihan ang Diyos ng higit. Ikumit ang sarili sa pagtupad nito sa mga erya na ito sa susunod na mga buwan.

Panalangin

Maglaan ng panahong manalangin na tulungan ka ng Diyos sa pagtatag ng Kanyang Kaharian at mailagay sa aksyon ang iyong mga plano.

Aralin 2: Kultura sa Kaharian ng Diyos

Pangunahing Ideya
Ang Biblia ay nagtuturo sa atin paano mamuhay bilang mga tao sa Kaharian ng Diyos.

Gagamiting Materyales

1. **TULONG SA PAGPAPASILITA**: Talaan ng Pinahahalagahan sa Kaharian (Ipaimprinta ito para sa bawat grupo)

Hanapin Muna ang Kaharian ng Diyos

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO
Basahin ang **Mateo 6:25-33** *"25 "Kaya't sinasabi ko sa inyo, huwag kayong mabalisa tungkol sa inyong kakainin at sa [inyong iinumin] upang kayo'y mabuhay o kaya'y tungkol sa susuutin ng inyong katawan. Hindi ba't ang buhay ay higit na mahalaga kaysa pagkain at ang katawan kaysa damit? 26 Masdan ninyo ang mga ibon. Hindi sila nagtatanim ni umaani man o kaya'y nagtitipon sa kamalig, ngunit pinapakain sila ng inyong Ama na nasa langit. Hindi ba't higit kayong mahalaga kaysa mga ibon? 27 Sino sa inyo ang makakapagpahaba ng kanyang buhay nang kahit isang oras sa pamamagitan ng kanyang pagkabalisa?*

28 "At bakit kayo nababalisa tungkol sa pananamit? Isipin ninyo kung paano tumutubo ang mga bulaklak sa parang; hindi sila nagtatrabaho ni gumagawa ng damit. 29 Ngunit sinasabi ko sa inyo, kahit si Solomon sa kanyang karangyaan ay hindi nakapagdamit nang singganda ng isa sa mga bulaklak na ito. 30 Kung dinadamitan ng Diyos ang damo sa parang, na buháy ngayon, at kinabukasan ay iginagatong sa kalan, kayo pa kaya? Kay liit ng inyong pananampalataya sa kanya!

31 "Kaya't huwag kayong mag-alala na baka kayo kapusin sa pagkain, inumin o damit. 32 Hindi ba't ang mga Hentil ang nababahala tungkol sa mga bagay na ito? Alam na ng inyong Ama na nasa langit na kailangan ninyo ang lahat ng ito. 33 Ngunit higit sa lahat ay bigyang-halaga ninyo ang kaharian [ng Diyos][e] at ang pamumuhay nang ayon sa kanyang kalooban, at ibibigay niya sa inyo ang lahat ng mga bagay na ito."

- Ano-ano ang pinagkakabalisahan ng mga tao?
- Ang mga bagay bang ito ay mga espiritwal na mga bagay o mga pangkaraniwang mga bagay?
- Ano ang tugon ng ating Panginoong Jesus?
- Sa inyong palagay, ano ang ibig sabihin ng ating Panginoong Jesus? Paano natin mahahanap ang Kaharian ng Diyos sa lahat ng bagay?

Maaaring malito ang tao kung ating iisipin na kapag sila ay lalapit sa ating Panginoong Jesus upang sabihin na kanilang ina-alala ay ang kanilang kakainin, at iinumin, at ang Kanyang tugon ay, 'Hanapin n'yo muna ang Aking Kaharian o ang Kaharian ng Diyos.' Ano kaya ang ibig sabihin ng Diyos dito? Ibig sabihin ba nito na hindi dapat tayong mag-isip sa mga bagay na ito, at sa halip ay igugol natin ang lahat nating panahon sa paggawa ng mga espiritwal na mga gawain tulad ng pananalangin? At kung gagawin nga natin ito, ito na kaya ang perpektong buhay?

Sa kabutihang palad, may Isang Tao na namuhay nang perpekto at Kanyang ginawa ang kalooban ng Diyos sa lahat ng pagkakataon: Sinabi ni Jesus sa (**Juan 14:31a,** *"subalit ginagawa ko ang iniutos sa akin ng Ama upang malaman ng sanlibutang ito na iniibig ko ang Ama."*). Isa sa mga paraan upang ating malaman paano hanapin ang Kaharian ng Diyos ay ang tingnan ang Kanyang buhay.

MALILIIT NA MGA GRUPONG TALAKAYAN
Tingnan ang mga talatang ito. Ano ang itinuturo sa atin ng ilang mga bagay na ginawa ng ating Panginoong Jesus?

- **Marcos 6:3a** – ***Si Jesus ay isang karpintero.***

Marcos 6:3 *"Hindi ba ito **ang karpinterong anak ni Maria**, at kapatid nina Santiago, Jose, Judas, at Simon? Tagarito rin ang kanyang mga kapatid na babae, hindi ba?" Kaya hindi sila naniwala sa kanya."*

- **Juan 21:9-14** – ***Si Jesus ay nagluto para sa Kanyang mga disipulo.***

Juan 21:9-14 *"9 Pagkaahon nila sa pampang, nakakita sila roon ng isdang iniihaw sa nagbabagang uling, at ilang tinapay. 10 "Magdala kayo rito ng ilang isdang nahuli ninyo," sabi ni Jesus. 11 Kaya't sumampa sa bangka si Simon Pedro at hinila sa pampang ang lambat na puno ng malalaking isda; isandaan at limampu't tatlo lahat ang nahuli nila. Hindi nasira ang lambat, kahit ganoon karami ang mga isda. 12 "Halikayo at mag-agahan kayo," sabi ni Jesus. Isa man sa mga alagad ay hindi nangahas magtanong sa kanya kung sino siya sapagkat alam nila na siya ang Panginoon. 13 Lumapit si Jesus, kinuha ang tinapay at ibinigay sa kanila. Ganoon din ang kanyang ginawa sa isda. 14 Ito ang ikatlong pagpapakita ni Jesus sa mga alagad pagkatapos na siya'y muling mabuhay."*

- **Marcos 1:35** – ***Si Jesus ay nanalanging mag-isa.***

Marcos 1:35 *"Madaling-araw pa'y bumangon na si Jesus at nagpunta sa isang lugar na walang tao at doon ay nanalangin siya."*

- **Marcos 4:38** – ***Si Jesus ay nagpahinga.***

Marcos 4:38 *"Si Jesus ay natutulog noon sa may hulihan ng bangka, nakahilig sa isang unan. Ginising siya ng mga alagad at sinabi, "Guro, balewala ba sa inyo kung mapahamak kami?""*

- **Juan 2:1-2** – ***Si Jesus ay dumalo ng kasal.***

Juan 2:1-2 *"1 Nang ikatlong araw, may kasalan sa Cana sa Galilea, at naroon ang ina ni Jesus. 2 Si Jesus at ang kanyang mga alagad ay inanyayahan din sa kasalan."*

- **Marcos 2:15** – ***Si Jesus ay kumain sa bahay ng isang kaibigan.*** *(At maraming tao ang naroroon. Ito ay isang hapunang kasiyahan.)*

Marcos 2:15 *"Nang si Jesus at ang kanyang mga alagad ay kumakain sa bahay ni Levi, kasalo nilang kumakain ang mga maniningil ng buwis at mga makasalanang sumunod sa kanya."*

- **Mateo 14:14** – ***Si Jesus ay nagpagaling ng mga tao.***

Mateo 14:14 *"Pagdating ni Jesus sa dalampasigan, nakita niya ang napakaraming taong iyon. Nahabag siya sa kanila at pinagaling niya ang mga maysakit na dala nila."*

- **Marcos 1:39** – ***Si Jesus ay naglakbay, nagturo, at nagpalayas ng mga demonyo.***

Marcos 1:39 *"Nilibot nga ni Jesus ang buong Galilea. Nangaral siya sa kanilang mga sinagoga at nagpalayas ng mga demonyo."*

Ginawa ni Jesus ang lahat ng bagay na tama mula sa pagtuturo hanggang sa pagluluto para sa Kanyang mga disipulo at pagiging karpintero. At sa lahat ng pagkakataon, Siya ay namumuhay ng perpekto, hindi lamang kapag Siya'y nagtuturo o nagpapagaling. Walang anumang bahagi ng buhay ng ating Panginoong Jesus na Siya'y namuhay ng nasa labas ng kalooban ng Diyos sa Kanyang buhay.

Habang ating sinisikap na 'hanapin ang kaharian ng Diyos,' hindi ibig sabihin nito na tayo ay mananalangin na lamang sa lahat ng oras o tayo'y maghahasik ng salita ng Diyos sa bawat oras. Ibig sabihin nito na maaari nating magawa ang lahat ng bagay na nakakalugod at nakapagbibigay ng luwalhati sa Diyos.

Ating Pagkukunan o Pagmumulan

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

- Paano tayo makakapamuhay ng kalugod0lugod sa Diyos?
    - *Ang Biblia ang kasagutan!*

Madalas, kung tayo ay bibili ng mga bagay na mahahalaga, kasama nito ay ang manwal na nagsasabi sa atin paano ito gamitin. Ang manwal ay isinulat ng kompanya na nagdesenyo at gumawa ng produkto. Alam nila paano ito gamitin upang ito ay magamit ng maayos at magtatagal ng husto. Kung nais natin ang pinakamahusay na resulta mula sa produkto na ating binili, maganda na ating basahin ang manwal.

Ang Diyos ay ganoon din. Kanyang dinisenyo at ginawa ang mundo. Kanya rin tayong dinisenyo at ginawa. Nalalaman Niya paano gawin ang mundo at ang ating mga buhay sa posibleng pinakamahusay na pamumuhay, at Kanyang isinulat ang Kanyang panuto sa isang manwal na tinatawag nating, Biblia. Dito ay Kaniyang sinasabi paano natin isasapamuhay ang bawat erya ng ating buhay. Ang Biblia ay nagtataglay ng lahat ng panuto ng Diyos at Kanyang katalinuhan na ating kailangan upang ating mapagaling ang ating mundong sira at komunidad na mga sira. Kailangan nating itong basahin, unawain, at ilapat sa ating buhay ang mga nasusulat dito kung ating nais na makita ang ating mundo, o ang mga komunidad na mabago.

MALILIIT NA MGA GRUPONG TALAKAYAN (Opsyonal)

- Ano ang ilan sa mga panuto, batas, o mga utos na iyong nakita na sa Biblia?
- Paano mo nakikita na ang mga panutong ito ay para sa ating kabutihan?

PAG-UULAT NG LAHAT

Paglalapat ng Biblia sa Bawat Bahagi/Erya ng Ating Buhay

Ang Diyos ay nagbigay sa atin ng Biblia, na nagsasabi sa atin paano mamuhay na kalugod-lugod sa Diyos. Kung ating susundin ang Diyos sa lahat ng erya ng ating buhay, kailangan nating maunawaan ang sinasabi o itinuturo ng Biblia sa atin. Gaano ito katulad o kakaiba sa ating tradisyon o kultura? Kailangan nating malaman ang kaparaanan ng Diyos kung ating nais maitatag ang Kaharian ng Diyos dito sa mundo.

MALILIIT NA MGA GRUPONG AKTIBIDAD

Panuto para sa Pasiliteytor: *Simulan sa pamamagitan ng pagpupuno sa unang linya bilang halimbawa para sa malaking grupo. Pagkatapos ay hatiin sa maliliit na mga grupo ang mga kalahok. Bigyan ang bawat grupo ng 3-4 na linya na gagawin at ipaalam sa kanila, kung sila'y natapos ng mas maaga, na maaarin nilang gawin ang iba pang mga linya.*

Punan ang tsart sa **TALAAN NG KALAHOK**. Para sa bawat isa, isipin kung ano ang kalimitang sinasabi ng inyong kultura tungkol dito. At pagkatapos at tingnan ang mga talata at alamin kung ano ang sinasabi ng Biblia na ating dapat gawin.

PAG-UULAT NG LAHAT

Kapag nakatapos na ang mga maliliit na mga grupo, puntahan ang lahat ng linya sa tsart, at hayaan ang mga grupo ang pumuno sa mga linya.

Pinahahalagahan	Talata o Sipi	Ating Kultura/ Tradisyon	Kaharian ng Diyos
Paano kumilos ang mga lider?	**Mateo 20:25-28** *"25 Dahil dito, pinalapit ni Jesus ang kanyang mga alagad at sinabi sa kanila, "Alam ninyo na ang mga pinuno ng mga Hentil ay itinataas ang kanilang sarili bilang mga panginoon sa kanila, at ang kagustuhan ng mga nasa kapangyarihan ang siyang nasusunod. 26 Hindi ganyan ang dapat umiral sa inyo. Sa halip, kung nais ninyong maging dakila, dapat kayong maging lingkod sa iba, 27 at kung sinuman sa inyo ang nagnanais maging una, ay dapat maging alipin ninyo. 28 Sapagkat maging ang Anak ng Tao ay naparito, hindi upang paglingkuran, kundi upang*	Ang mga tauhan ang naglilingkod sa mga lider. Ang lider ang nagsasabi sa mga tao kung ano ang kanilang gagawin.	Ang mga Lider ang naglilingkod sa mga tao.

	maglingkod at ialay ang kanyang buhay sa ikatutubos ng marami.""		
Paano kumilos ang mga mister	**Colossas 3:19** *"Mga lalaki, mahalin ninyo ang inyong asawa, at huwag kayong maging malupit sa kanila."* **I Pedro 3:7** *"Kayo namang mga lalaki, unawain ninyo at pakitunguhang mabuti ang inyong asawa, sapagkat sila'y mas mahina. At sila'y kasama ninyong tatanggap ng buhay na kaloob ng Diyos. Gawin ninyo ito upang walang maging sagabal sa inyong mga panalangin."* **Efeso 5:25, 28, 33** *"25 Mga lalaki, mahalin ninyo ang inyong asawa na gaya ng pagmamahal ni Cristo sa iglesya. Inihandog niya ang kanyang buhay para sa iglesya 28 Gayundin naman, dapat mahalin ng mga lalaki ang kanilang asawa tulad ng sarili nilang katawan. Ang lalaking nagmamahal sa kanyang asawa ay nagmamahal sa kanyang sarili. 33 Subalit ito'y para din sa inyo: kayong mga lalaki, mahalin ninyo ang inyong asawa gaya ng inyong sarili; mga babae, igalang ninyo ang inyong asawa."*		
Paano kumilos ang mga Misis	**Genesis 2:18** *"Matapos gawin ang lahat ng ito, sinabi ng Panginoong Yahweh, "Hindi mabuti na mag-isa ang tao; bibigyan ko siya ng isang angkop na makakasama at makakatulong.""* **Efeso 5:22-24, 33** *"22 Mga babae, pasakop kayo sa sarili ninyong asawa tulad ng pagpapasakop ninyo sa Panginoon. 23 Sapagkat ang lalaki ang ulo ng kanyang asawa, tulad ni Cristo na siyang ulo ng iglesya, na kanyang katawan, at siya ang Tagapagligtas nito. 24 Kung paanong nasasakop ni Cristo ang iglesya, gayundin naman, ang mga babae ay dapat pasakop nang lubusan sa kanilang sariling asawa. 33 Subalit ito'y para din sa inyo: kayong mga lalaki, mahalin ninyo ang inyong asawa gaya ng inyong sarili; mga babae, igalang ninyo ang inyong asawa."*		
Paano dapat pakitunguhan ang mga anak	**Awit 127:3** *"Kaloob nga ni Yahweh itong ating mga anak, ang ganitong mga supling, pagpapalang mayro'ng galak."* **Efeso 6:4** *"Mga magulang, huwag ninyong ibuyo sa paghihimagsik laban sa inyo ang inyong mga anak. Sa halip, palakihin ninyo sila ayon sa disiplina at aral ng Panginoon."*		
Paano pakitunguhan o tratuhin ang tao	**Mateo 22:36-40** *"36 "Guro, alin po ang pinakamahalagang utos sa Kautusan?" tanong niya. 37 Sumagot si Jesus, "Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, buong kaluluwa mo, at buong pag-iisip mo. 38 Ito ang pinakamahalagang utos. 39 Ito naman ang pangalawa: Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili. 40 Sa*		

	dalawang utos na ito nakasalalay ang buong Kautusan ni Moises at ang katuruan ng mga propeta."" **Lucas 10:25-37** *"25 Isang dalubhasa sa Kautusan ang lumapit kay Jesus upang siya'y subukin. "Guro, ano ang dapat kong gawin upang magkamit ng buhay na walang hanggan?" tanong niya. 26 Sumagot si Jesus, "Ano ba ang nakasulat sa Kautusan? Ano ba ang nababasa mo roon?" 27 Sumagot ang lalaki, "'Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, buong kaluluwa mo, buong lakas mo, at buong pag-iisip mo;' at 'Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili.'" 28 Sabi ni Jesus, "Tama ang sagot mo. Gawin mo iyan at magkakamit ka ng buhay na walang hanggan." 29 Upang huwag siyang lumabas na kahiya-hiya, nagtanong pa ang lalaki, "Sino naman ang aking kapwa?" 30 Sumagot si Jesus, "May isang taong naglalakbay mula sa Jerusalem papuntang Jerico. Hinarang siya ng mga tulisan, hinubaran, binugbog, at iniwang halos patay na. 31 Nagkataong dumaan doon ang isang paring Judio. Nang makita ang taong nakahandusay, lumihis siya at nagpatuloy sa kanyang paglakad. 32 Dumaan din ang isang Levita, ngunit nang makita niya ang taong binugbog, lumihis din ito at nagpatuloy sa kanyang paglakad. 33 Ngunit may isang Samaritanong naglalakbay na napadaan doon. Nang makita niya ang biktima, siya'y naawa. 34 Nilapitan niya ito, binuhusan ng langis at alak ang mga sugat at binendahan. Pagkatapos, isinakay niya ang lalaki sa kanyang asno at dinala ito sa bahay-panuluyan upang maalagaan siya doon. 35 Kinabukasan, binigyan niya ng dalawang salaping pilak ang namamahala ng bahay-panuluyan, at sinabi, 'Alagaan mo siya, at kung higit pa riyan ang iyong magagastos, babayaran kita pagbalik ko.'" 36 At nagtanong si Jesus, "Sa palagay mo, sino kaya sa tatlo ang naging tunay na kapwa ng taong hinarang ng mga tulisan?" 37 "Ang taong tumulong sa kanya," tugon ng dalubhasa sa kautusan. Kaya't sinabi sa kanya ni Jesus, "Kung gayon, humayo ka at ganoon din ang gawin mo.""*		
Paano pakitunguhan ang kaaway	**Lucas 6:27-31** *"27 "Subalit sinasabi ko sa inyong mga nakikinig sa akin: Mahalin ninyo ang inyong mga kaaway at gawan ng mabuti ang mga napopoot sa inyo. 28 Pagpalain ninyo ang sumusumpa sa inyo at ipanalangin ang mga nang-aapi sa inyo. 29 Kapag sinampal ka sa isang pisngi, iharap mo rin ang kabila. Kapag inagaw ang iyong balabal, huwag mong ipagkait ang iyong damit. 30 Bigyan mo ang bawat humihingi sa iyo; at kung may kumuha ng iyong ari-arian, huwag mo nang bawiin pa ang mga iyon. 31 Gawin ninyo sa inyong kapwa ang nais ninyong gawin nila sa inyo."*		

Ang ating ugali sa pagtatrabaho	**Colosas 3:22-4:1** *"22 Mga alipin, sa lahat ng bagay ay sundin ninyo ang inyong mga amo dito sa lupa. May nakakakita man o wala, maglingkod kayo hindi upang kalugdan lamang ng mga tao, kundi dahil sa kayo'y tapat at may takot sa Panginoon. 23 Anuman ang inyong ginagawa, gawin ninyo nang buong puso na parang sa Panginoon kayo naglilingkod at hindi sa mga tao. 24 Sapagkat si Cristo ang Panginoong pinaglilingkuran ninyo at alalahanin ninyong pagkakalooban kayo ng Panginoon ng gantimpalang inilaan niya para sa inyo. 25 Ang mga gumagawa ng masama ay pagbabayarin sa kasamaang kanilang ginawa, sapagkat ang Diyos ay walang kinikilingan. 4:1 Mga amo, maging mabuti kayo at makatarungan sa mga naglilingkod sa inyo. Alalahanin ninyong kayo man ay may Panginoon sa langit."* **Efeso 6:7-8** *"7 Maglingkod kayo nang masaya ang kalooban na parang sa Panginoon kayo naglilingkod at hindi sa tao. 8 Sapagkat alam ninyong gagantimpalaan ng Panginoon ang bawat mabuting gawa ninuman, maging siya man ay alipin o malaya."*		
Ang ating ugali tungo sa kapaligiran	**Awit 24:1** *"Ang buong daigdig at ang lahat ng naroon, ang may-ari'y si Yahweh na ating Panginoon."* **Genesis 1:28-30** *"28 at sila'y pinagpala niya. Sinabi niya, "Magpakarami kayo at punuin ninyo ng inyong mga anak ang buong daigdig, at kayo ang mamahala nito. Binibigyan ko kayo ng kapangyarihan sa mga isda sa tubig, sa mga ibon sa himpapawid, at sa lahat ng mga hayop na nasa ibabaw ng lupa. 29 Ibinibigay ko rin sa inyo ang lahat ng uri ng halamang nagkakabinhi at mga bungangkahoy bilang pagkain ninyo. 30 Ang lahat ng halamang luntian ay ibinibigay ko naman sa lahat ng hayop sa ibabaw ng lupa at sa lahat ng mga ibon." At ito nga ang nangyari."* **Genesis 2:15** *"Inilagay ng Panginoong Yahweh ang tao sa halamanan ng Eden upang ito'y pagyamanin at pangalagaan."*		
Ang pinakamahalagang bagay	**Mateo 6:25-34** *"25 "Kaya't sinasabi ko sa inyo, huwag kayong mabalisa tungkol sa inyong kakainin at sa [inyong iinumin][d] upang kayo'y mabuhay o kaya'y tungkol sa susuutin ng inyong katawan. Hindi ba't ang buhay ay higit na mahalaga kaysa pagkain at ang katawan kaysa damit? 26 Masdan ninyo ang mga ibon. Hindi sila nagtatanim ni umaani man o kaya'y nagtitipon sa kamalig, ngunit pinapakain sila ng inyong Ama na nasa langit. Hindi ba't higit kayong mahalaga kaysa mga ibon? 27 Sino sa inyo ang makakapagpahaba ng kanyang buhay nang kahit isang oras sa pamamagitan ng kanyang pagkabalisa? 28 "At bakit kayo nababalisa tungkol sa pananamit? Isipin ninyo*		

	kung paano tumutubo ang mga bulaklak sa parang; hindi sila nagtatrabaho ni gumagawa ng damit. [29] Ngunit sinasabi ko sa inyo, kahit si Solomon sa kanyang karangyaan ay hindi nakapagdamit nang singganda ng isa sa mga bulaklak na ito. [30] Kung dinadamitan ng Diyos ang damo sa parang, na buháy ngayon, at kinabukasan ay iginagatong sa kalan, kayo pa kaya? Kay liit ng inyong pananampalataya sa kanya! [31] "Kaya't huwag kayong mag-alala na baka kayo kapusin sa pagkain, inumin o damit. [32] Hindi ba't ang mga Hentil ang nababahala tungkol sa mga bagay na ito? Alam na ng inyong Ama na nasa langit na kailangan ninyo ang lahat ng ito. [33] Ngunit higit sa lahat ay bigyang-halaga ninyo ang kaharian [ng Diyos] at ang pamumuhay nang ayon sa kanyang kalooban, at ibibigay niya sa inyo ang lahat ng mga bagay na ito. [34] "Kaya nga, huwag ninyong alalahanin ang bukas; sapagkat ang bukas ang mag-aalala sa sarili niya. Sapat na ang inyong mga suliranin sa bawat araw."" **Mateo 22:36-40** *"[36] "Guro, alin po ang pinakamahalagang utos sa Kautusan?" tanong niya. [37] Sumagot si Jesus, "Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, buong kaluluwa mo, at buong pag-iisip mo. [38] Ito ang pinakamahalagang utos. [39] Ito naman ang pangalawa: Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili. [40] Sa dalawang utos na ito nakasalalay ang buong Kautusan ni Moises at ang katuruan ng mga propeta.""*		
Ating ugali tungo sa kamatayan at pagkamatay	**Juan 11:25-26** *"[25] Sinabi sa kanya ni Jesus, "Ako ang muling pagkabuhay at ang buhay. Ang sinumang sumasampalataya sa akin, kahit mamatay ay muling mabubuhay; [26] at sinumang nabubuhay at sumasampalataya sa akin ay hindi mamamatay kailanman. Naniniwala ka ba sa sinabi ko?""* **Hebreo 2:14-15** *"[14] Dahil sa ang mga anak na tinutukoy niya ay tao, naging tao rin si Jesus at tulad nila'y may laman at dugo. Ginawa niya ito upang sa pamamagitan ng kanyang kamatayan ay mawasak niya ang diyablo na siyang may kapangyarihan sa kamatayan. [15] Sa pamamagitan din ng kanyang kamatayan ay pinalaya niya ang lahat ng tao na buong buhay nila'y inalipin ng takot sa kamatayan."* **Pahayag 1:17-18** *"[17] Pagkakita ko sa kanya, para akong patay na bumagsak sa kanyang paanan, ngunit ipinatong niya sa akin ang kanyang kanang kamay at sinabi, "Huwag kang matakot! Ako ang simula at ang wakas, [18] at ang nabubuhay! Namatay ako ngunit tingnan mo, ako'y buháy ngayon at mananatiling buháy magpakailanman. Hawak ko ang mga susi ng kamatayan at ng daigdig ng mga patay."*		

Ang ating ugali tungo sa kahirapan	**Lucas 6:22-23** *"22 "Pinagpala kayo kung dahil sa inyong pagsunod sa Anak ng Tao ay kinapopootan kayo, ipinagtatabuyan at nilalait ng mga tao, at pinaparatangang kayo ay masama. 23 Magalak kayo at lumukso sa tuwa kung gayon ang mangyari sa inyo, sapagkat malaki ang inyong gantimpala sa langit. Gayundin ang ginawa ng kanilang mga ninuno sa mga propeta."* **II Corinto 1:8-11** *"8 Mga kapatid, nais naming malaman ninyo ang mga kapighatiang dinanas namin sa Asia. Napakabigat ng aming dinanas, anupa't akala namin ay mamamatay na kami. 9 Para kaming hinatulan ng kamatayan. Subalit nangyari iyon upang huwag kaming manalig sa aming sarili, kundi sa Diyos na muling bumubuhay sa mga patay. 10 Iniligtas niya kami sa malagim na kamatayan, at patuloy na ililigtas. Kami'y umaasa rin na patuloy niya kaming ililigtas 11 sa tulong ng inyong mga panalangin. Sa gayon, marami ang magpapasalamat sa Diyos dahil sa pagpapala niya sa amin bilang tugon sa panalangin ng marami."*		

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

- Alin sa mga nariritong kultura ninyo ang katulad ng sa Kaharian ng Diyos? Alin ang higit na magkaiba?
- Mayroon pa ba kayong nalalamang mga erya na ang ating kultura o tradisyon ay kakaiba sa sinasabi ng Biblia?
- Paano natin masisimulang mabago ang ating pamumuhay upang ang ating mga buhay ay higit na ipinapahayag o ipinakikita ang sinasabi ng Biblia sa atin na dapat nating isabuhay?

Konklusyon

Maraming magagandang mga bagay sa ating kultura at tradisyon. Ang ibang kultura ay nagtuturo sa mga tao na kanilang paglingkuran ang isa't-isa, ang iba naman ay nagtuturo ng kahalagahan ng pamilya at pag-aaruga sa matatanda. Ang ibang kultura ay nagtuturo na maging masipag sa pagtatrabaho at sa paggamit ng kung anumang ibinigay ng Diyos sa atin ng mahusay. Ngunit, lahat ng kultura ay may mga erya na hindi ayon sa Biblia. Kung ating nais lumakad ng may pagsunod sa Diyos, kailangan natin tingnan ang mga lugar sa biblia na ang Biblia ay kakaiba sa ating kultura. Sikaping mag-isip papaano tayo higit na magiging katulad ng itinuturo ng Biblia at hindi lang tayo sumusunod sa ating kultura.

Tingnan muli ang tsart na ating ginawa kanina; mayroon bang isa o dalawang erya na iyong personal na sisikaping mabago?

Aralin 3: Biblikal na Pang-unawa Tungkol sa Trabaho

Pangunahing Ideya:
Lahat nang uri ng trabaho ay maaaring makapagdala ng kaluwalhatian sa Diyos. Kailangan nating gawin ang ating trabaho sa paraang nagbibigay karangalan sa Diyos.

Gagamiting Materyales

1. **TALAAN NG KALAHOK**: Mga Tanong tungkol sa Biblikal na Pang-unawa sa Trabaho

Panimula

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

- Ang trabaho ba sa pangkalahatan ay mabuti o masama?
- Ano ang ilang kasabihan sa inyong kultura ang tungkol sa trabaho?
  - Di baleng tamad, di naman pagod (biro lang po)
  - Si Juan ang nag-saing, iba ang kumain

Basahin ang **Genesis 1:28** *"at sila'y pinagpala niya. Sinabi niya, "Magpakarami kayo at punuin ninyo ng inyong mga anak ang buong daigdig, at kayo ang mamahala nito. Binibigyan ko kayo ng kapangyarihan sa mga isda sa tubig, sa mga ibon sa himpapawid, at sa lahat ng mga hayop na nasa ibabaw ng lupa."*.

- Ano ang unang iniutos ng Diyos kay Adan?
- Ito ba ay bago o pagkatapos magkasala nila Adan at Eva nang kanilang kainin ang ipinagbabawal ng prutas?

Basahin ang **Genesis 2:2** *"Tinapos niyang likhain ang lahat ng ito sa loob ng anim na araw, at siya'y nagpahinga sa ikapitong araw."*.

- Mula saan nagpahinga ang Diyos o bakit siya nagpahinga?

Basahin ang **Marcos 6:1-3** *"[1]Umalis doon si Jesus at umuwi siya sa sariling bayan kasama ang kanyang mga alagad. [2] Pagdating ng Araw ng Pamamahinga, si Jesus ay nagturo sa sinagoga. Maraming tao ang nakarinig sa kanya at sa kanilang pagkamangha'y nagtanungan sila, "Saan niya natutunan ang lahat ng iyan? Anong karunungan itong ipinagkaloob sa kanya? Paano siya nakakagawa ng mga himala? [3] Hindi ba ito ang* ***karpinterong anak ni Maria****, at kapatid nina Santiago, Jose, Judas, at Simon? Tagarito rin ang kanyang mga kapatid na babae, hindi ba?" Kaya hindi sila naniwala sa kanya."*.

- Ano ang trabaho ni Jesus bago siya nagsimulang magturo?

Habang ating nakikita sa mga talatang ito, na ang Diyos ay nagtrabaho at, dahil tayo ay nilikha sa wangis ng Diyos, tayo ay nilikha para magtrabaho o may kakayanang magtrabaho. Mula pa nang pasimula ng panahon, bago pa man pumasok ang kasalanan sa mundo, ang tao ay natatrabaho.

Ang Dignidad sa Pagtatrabaho

Sa aklat ni Ruth, ating matututunan na sina Ruth, kasama ng kanyang biyanan ay tumatakas sa taggutom at sila'y napakahirap din. Nagbalik sila sa Moab, dahil kanilang narinig na may pagkain doon. Si Ruth ay naghanap ng trabaho sa lupain ni Boaz, na nagkaroon naman ng pagnanais sa kanya at kanyang natutunan ang ginawa ni Ruth para sa kaniyang manugang.

Basahin ang **Ruth 2:15-16** *"15 Nang ipagpatuloy niya ang pamumulot, pinagbilinan ni Boaz ang mga manggagawa, "Hayaan ninyo siyang mamulot kahit sa tabi ng mga binigkis na uhay. Huwag ninyo siyang babawalan. 16 Maglaglag kayo ng mga uhay mula sa binigkis para may mapulot siya.""*.

- Ano ang ginawa ni Boaz upang matulungan si Ruth?
- Sa iyong palagay, bakit hindi na lamang binigyan ni Boaz ng trigo si Ruth?
    - *Dahil tayo ay nakadisenyong magtrabaho, kaya dahil dito, ating matatagpuan ang dignidad sa pagtatrabaho kaysa taga-tanggap lamang ng kawang-gawa. Sa pamamagitan nito, binigyan ni Boaz si Ruth ng dignidad.*

Nilalayon ng Diyos na tayo ay magtrabaho ng Masigasig

MALILIIT NA MGA GRUPONG TALAKAYAN

Panuto para sa Pasiliteytor: *Gamitin ang* ***TALAAN NG KALAHOK*** *para sa maliliit na mga grupong talakayan ng mga tanong.*

Ano ang ilan sa mga dahilan upang magtrabaho? Basahin ang mga sumusunod na mga talata at mga ideya na mayroon kayo mula sa aralin.

- **I Tesalonica 4:11-12** – ***Ang inyong buhay ay tatanggap ng pagkapanalo o respeto mula sa iba at hindi ka aasa sa iba.***

I Tesalonica 4:11-12 *"Pagsikapan ninyong mamuhay nang tahimik, pag-ukulan ninyo ng pansin ang sariling gawain at hindi ang sa iba. Maghanapbuhay kayo tulad ng itinuro namin sa inyo."*

- **I Timoteo 5:8** – ***Upang magpuno para sa pamilya.***

I Timoteo 5:8 *"Ang sinumang hindi kumakalinga sa kanyang mga kamag-anak, lalo na sa mga kabilang sa kanyang pamilya, ay tumalikod na sa pananampalataya, at mas masama pa kaysa sa isang di-mananampalataya."*

- **Efeso 4:28** – ***Upang mayroon kang maibibigay para sa ibang nangangailangan.***

Efeso 4:28 *"Ang magnanakaw ay huwag nang magnakaw; sa halip, magtrabaho siya nang marangal para sa sariling ikabubuhay at makatulong sa mga nangangailangan."*

PAG-UULAT NG LAHAT

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

- Sa iyo bang palagay ay nilayon ng Diyos na tayo ay magtrabaho?
- Anong pag-uugali mayroon ang mga tao tungo sa pagtatrabaho?
- Anong pag-uugali dapat tayo ay mayroon tungo sa pagtatrabaho?

Nilalayon ng Diyos na tayong lahat ay magtrabaho. Kahit bago pa man magkasala sina Adan at Eva, sila ay binigyan na ng trabaho sa hardin bilang tagapamahala nito. Habang tayo ay nagtatrabaho, napupunuan natin ang pangangailangan ng ating pamilya at nakakapamigay pa tayo sa mahihirap at sa iglesia. Ang pagtatrabaho ay nagdudulot ng dignidad at nagpapahintulot sa atin na makapaglingkod sa isa't-isa sa pamamagitan ng ating kasanayan at kakayahan.

Lahat ng Uring Disenteng Trabaho ay Nagbibigay Dangal sa Diyos

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

- Sa ating kultura, mayroon bang ibang klaseng trabaho na mas mahalaga kaysa sa iba (mahalaga dahil iba ang pagpapahalaga ng mga tao)? Bakit o paano sila nagiging mas mahalaga?

- Anong trabaho ang ibinigay ng Diyos kay Adan? *(Magtrabaho sa hardin at pangngalanan ang mga hayop* - **Genesis 2:15-20** *"15 Inilagay ng Panginoong Yahweh ang tao sa halamanan ng Eden upang ito'y pagyamanin at pangalagaan. 16 Sinabi niya sa tao, "Makakain mo ang alinmang bungangkahoy sa halamanan, 17 maliban sa bunga ng punongkahoy na nagbibigay ng kaalaman tungkol sa mabuti at*

masama. Huwag na huwag mong kakainin ang bungang iyon, sapagkat sa araw na kainin mo iyon ay mamamatay ka." [18] Matapos gawin ang lahat ng ito, sinabi ng Panginoong Yahweh, "Hindi mabuti na mag-isa ang tao; bibigyan ko siya ng isang angkop na makakasama at makakatulong." [19] Kaya, mula sa lupa ay lumikha ang Panginoong Yahweh ng mga hayop sa parang at mga ibon sa himpapawid, dinala niya ang mga ito sa tao upang ipaubaya rito ang pagbibigay ng pangalan sa mga iyon. Kung ano ang kanyang itinawag, iyon ang naging pangalan ng mga ito. [20] Ang tao nga ang nagbigay ng pangalan sa lahat ng ibon sa himpapawid at hayop sa parang. Ngunit wala isa man sa mga ito ang nababagay na makasama at makatulong niya.")

- Anong trabaho ang ibinigay ng Diyos kay Noe? *(Ang gumawa ng Arko* - **Genesis 6:13-14** *"[13] Sinabi ng Diyos kay Noe, "Napagpasyahan ko nang lipulin ang lahat ng tao sa daigdig. Umabot na sa sukdulan ang kanilang kasamaan. Gugunawin ko sila kasama ng daigdig. [14] Kaya gumawa ka ng isang malaking barko na yari sa kahoy na sipres. Lagyan mo ito ng mga silid at pahiran mo ng alkitran ang loob at labas nito.")*

- Anong trabaho ang ibinigay ng Diyos kay Gideon? *(Pangunahan ang giyera laban sa mananakop ng Israel* - **Judges 6:14** *"Sinabi sa kanya ni Yahweh, "Lumakad ka at gamitin mo ang buong lakas mo upang iligtas ang Israel mula sa mga Midianita. Ako mismo ang nagsusugo sa iyo."")*

- Anong trabaho ang ibinigay ng Diyos kay Moises? *(Ang ilabas ang bayan ng Israelita mula Ehipto* - **Exodus 3:10** *"Kaya't papupuntahin kita sa Faraon upang ilabas mo sa Egipto ang aking bayang Israel."")*

- Sa iyo bang palagay ay mas gugustuhin ng Diyos na ang mga taong unang mga nabanggit ay manguna sa isang iglesia o magbahagi ng isang mensahe sa halip na mga trabaho na ibinigay sa kanila ng Diyos?

- Sa iyo bang palagay ay tiningnan sila ng Diyos na mas mababa o di gaanong mahalaga gaya ng mga pari? Halimbawa, ang trabaho ba ni Moises ay mas mababa kaysa sa trabaho ni Aaron?

Ang kaisipan na may mga trabahong mas mataas at ang iba naman ay mas mababa ay kailanman hindi makikita o itinuturo ng Biblia. Ang kaisipang ito ay bahagi ng kultura ng mga Griyego na kanilang inimpluwensyahan ang mga Kristiano hanggang sa panahon ng Reformasyon. Ang mga Griyego ay naniniwala ang mga espiritwal na mga bagay ay mas mataas at higit na marangal para sa Diyos habang ang ibang mga trabaho ay di gaanong mahalaga sa Diyos.

Ganon pa man, hindi ito kwento na mula sa Biblia. Ang Biblia ay nagsimula nang nilikha ng Diyos ang buong sansinukob at buong mundo. Sa **Genesis 2:8**, nakita natin na nagtanim ang Diyos ng hardin. Habang tayo ay nagtatrabaho sa lupa, ating alalahanin na ang Diyos ang unang naging hardinero. Ating ginagawa ang ginawa ng Diyos maraming taon na ang nakakalipas. Paulit-ulit na tinawag ng Diyos ang mga sa kanya upang paglingkuran S'ya sa iba't-ibang kaparaanan. Habang ang pagiging tagapag-mensahe o ang pagiging isang ebanghelista ay isang marangal na trabaho, ganoon din ang pagiging hardinero (plantito at plantita), pagiging karpintero, o pagiging guro. Hindi lang natin kailangan ng mga taong magtuturo sa atin ng mga espiritwal na mga bagay kundi ng kung paano magpalago ng mga tanim na makakain, pagtatayo ng matitirhan, at pagtuturo sa ating mga anak.

Si Kapatid na Lawrence

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

Noong panahon ng 1608, may isang lalaki na ipinanganak sa Francia. Siya ayu naging kristiano sa edad na 18 at sa kanyang pagtungtong ng 20 edad, siya ay nagpasyang ibigay ang kanyang buhay sa Diyos ng buong-buo. Pumasok siya sa isang monasteryo na siya'y nabigyan ng pangalang Kapatid na Lawrence. Kanyang inisip na sa

kanyang paninirahan sa monasteryo, kanyang igugugol ang kanyang lahat na oras sa kapilya na nananalangin at sumasamba sa Diyos. Ganon pa man, kanyang natagpuan ang kanyang sarili na itinakda na gumawa ng mga trabahong pangkusina. Sa loob ng 10 taon ay kanyang kinamuhian ang kusina habang ang iba ay nasa kapilya ginagawa ang kanyang nais. Kanyang kinamuhian ang para sa kanya ay walang kwentang trabaho na ibinigay sa kanya.

MALILIIT NA MGA GRUPONG TALAKAYAN

Panuto para sa Pasiliteytor: *Gamitin ang* ***TALAAN NG KALAHOK*** *para sa talakayan sa maliliit na mga grupo.*

- Kung iyong nakaharap si Kapatid na Lawrence sa loob ng 10 taon niyang paglilingkod sa kusina, ano ang iyong ibibigay na payo sa kanya?
- Sa iyo bang palagay na ang trabaho ni Lawrence ay mas mababa o di gaanong importante kumpara sa mga pananalangin sa kapilya?
- Basahin ang mga sumusunod na talata at isipin paano ilapat ito sa ating sitwasyon:
    - **I Corinto 10:31** *"Kaya nga, kung kayo'y kumakain o umiinom, o anuman ang ginagawa ninyo, gawin ninyo ang lahat sa ikararangal ng Diyos."*
    - **Colosas 3:23** *"Anuman ang inyong ginagawa, gawin ninyo nang buong puso na parang sa Panginoon kayo naglilingkod at hindi sa mga tao."*

PAG-UULAT NG LAHAT

Pagkatapos ng 10 taon sa kusina, napagtanto ni Kapatid na Lawrence na maaari niyang napaglingkuran at nasamba ang Diyos saan man siya naroroon. **Ano ang nagbago sa kanya?** Kaniya nang nalalaman sa ngayon na PAANO niya ginagawa ang kanyang trabaho, at ang kaniyang PAG-UUGALI na kanyang ipinamamalas tungo sa kanyang trabaho ay ang paraan upang kanyang madalhan at mabigyan ng karangalan at luwalhati ang Diyos!

Nanatili sa kusina si Kapatid na Lawrence, ngunit ngayon ay kanya nang nararamdaman ang presensya ng Diyos na naroroon—sa kanyang pamumuhay ng may pagsunod sa Diyos at paglilingkod sa Diyos habang kanyang hinuhugasan ang mga platong ginamit ng mga tao sa monasteryo—na para siyang sumasamba sa Diyos doon sa loob ng kapilya.

Ang Biblia ay nagpapakita sa atin na higit na nais ng Diyos ang **paano natin ginagawa ang mga bagay** kaysa sa **kung ano ang ating ginagawa**. Hanggang ang ating ginagawa ay hindi makasalanan, anumang trabaho ay maaaring makapagdala sa Diyos ng luwalhati.

MAGKAPARTNER NA TALAKAYAN

- Kung ang lahat ng trabaho ay makakapagbigay sa Diyos ng dangal, paano ito makaka-apekto sa iyong pag-iisip tungkol sa iyong trabaho?
- Ito ba ay makaka-apekto sa paraan ng iyong pagtatrabaho?

Ang Diyos ay may Malasakit, Kung Paano Natin Ginagawa, Ating Trabaho

Habang ang Biblia ay kailanman hindi nagmumungkahi na may trabahong mas mahalaga o mas mababa ang halaga, ang Biblia ay MAY maraming masasabi patungkol sa kung paano natin dapat ginagawa ang ating trabaho. Ito ay bahagi ng mahalagang bahagi ng ating mga araw—ating ginugugol ang ating araw sa pagtatrabaho, kaya kailangan nating ikunsiderang mabuti paano natin ginagawa ang ating trabaho.

MALILIIT NA MGA GRUPONG TALAKAYAN

Tingnan ang mga sumusunod na mga talata. Ano ang itinuturo ng mga talatang ito tungkol sa trabaho? Ibuod ang pangunahing ideya sa isang pangungusap sa **TALAAN NG KALAHOK**.

- **II Tesalonica 3:10-12 –** ***Hindi kakain kung di magtatrabaho.***

II Tesalonica 3:10-12 *"[10] Nang kami ay kasama pa ninyo, ito ang itinuro namin sa inyo, "Ang ayaw magtrabaho ay hindi dapat kumain." [11] Binanggit namin ito dahil nabalitaan naming may ilan sa inyong ayaw magtrabaho,*

at walang inaatupag kundi ang makialam sa buhay ng may buhay. [12] Sa pangalan ng Panginoong Jesu-Cristo, mahigpit naming iniuutos sa mga taong ito na sila'y maghanapbuhay nang maayos at huwag umasa sa iba."

- **Kawikaan 10:4 – *Ang katamaran ay magdadala ng kahirapan, ngunut ang kasipagan ay magdadala ng kayamanan.***

Kawikaan 10:4 *"Ang kamay na tamad ay tiyak na magdarahop, ngunit magbubunton ng yaman ang kamay na masinop."*

- **Kawikaan 19:15** – ***Ang katamaran ay magdadala ng gutom.***

Kawikaan 19:15 *"Ang taong tamad ay laging nakatihaya; kaya't siya'y magugutom, walang panlagay sa sikmura."*

- **Kawikaan 21:25 – Ang di magtatrabaho ang magdadala sa kanyang kamatayan.**

Kawikaan 21:25 *"Gutom ang papatay sa taong batugan, pagkat ayaw niyang ikilos ang kanyang mga kamay."*

Sa inyong palagay, ano ang itinuturo ng talatang ito sa atin tungkol sa paano tayo magtrabaho?

- **Colosas 3:23** – ***Magtrabaho na parang sa Diyos ka nagtatrabaho***

Colosas 3:23 *"Anuman ang inyong ginagawa, gawin ninyo nang buong puso na parang sa Panginoon kayo naglilingkod at hindi sa mga tao."*

PAG-UULAT NG LAHAT

Ang Biblia ay napakaliwanag—kailangan nating magtrabaho ng maigi at huwag maging tamad. Kailangan nating gawin ang ating trabaho na tila baka ay sa Diyos ang ating boss!

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

Sa karamiran ng buhay ng ating Panginoong Jesus sa haba ng kanyang buhay, siya ay isang karpintero.

- Sa inyong palagay, ano ang kalidad ng gawa ng Panginoong Jesus?
- Ipagpalagay na ikaw ay nagtatrabaho sa parehong lugar ng ating Panginoong Jesus: Ano ang sitwasyon kaya na makatrabaho ang Panginoong Jesus sa isang lugar o proyekto?
- Paano kaya magtrabaho ang Panginoong Jesus sa buong araw?
- Paano kaya magtrabaho ang Panginoong Jesus kapag walang nanonood o nakamasid sa Kanya?

Noong panahon ng reformation, isang pambihirang pagbabago ang nangyari sa paraan ng pagtatrabaho ng mga Kristiano. Sa unang pagkakataon, ang mga tao ay nagsimulang makapagbasa ng Biblia upang makita paano ilapat ito sa pang-araw-araw na pamumuhay. Noong panahong iyon, kung ang isang karpintero ay gagawa ng lamesa, kanyang sisiguraduhin na ang ilalim nito ay kasing ganda ng ibabaw nito, at kanyang ginagawa ito upang malugod ang Diyos. Ang mga produktong gawa ng mga panahong iyon ang may pinakamataas na kalidad sa lahat ng panahon.

MALILIIT NA MGA GRUPONG AKTIBIDAD

Panuto para sa Pasiliteytor: *hilingin ang bawat grupo na pumili ng trabaho (halimbawa: guro, magsasaka, janitor) at lumikha ng 2 dula: isang dula na nagpapakita ng isang tao na nakakapagbigay lugod sa Diyos sa kanyang pagtatrabaho, at ang isa naman ay isang tao na nagpapakita ng isang pagtatrabaho ngunit di nakakalugod sa Diyos.*

Gawin ang inyong dula sa harap ng buong klase.

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

Pagkatapos ng bawat pagsasadula, talakayin ang mga sumusunod:

- Ano ang mga kaparaanan na inyong nakita sa ating tauhan na kanyang nabigyan ng luwalhati ang Diyos sa kanyang pagtatrabaho?
- Ano ang mga paraan na iyong nakita sa ating tauhan na di s'ya nakapagbigay lugod sa Diyos sa kanyang pagtatrabaho?

- Ano pang mga ideya ang iyong maidadagdag sa mga nasabi nang paraan upang tayo ay makapagbigay lugod sa Diyos sa ating ginagawa?

Konklusyon

PERSONAL NA PAG-MUMUNI-MUNI

Paka-isipin ang iyong trabaho. Ano ang ilan sa mga kaparaanan na iyong naluluwalhati ang Diyos sa iyong pagtatrabaho? Hilingin din sa Diyos na ipakita sa iyo ang ilang mga bagay na iyong magagawa upang higit mo Siyang maparangalan sa iyong buhay, lalo't higit sa iyong pagtatrabaho.

Aralin 4: Komunidad sa Kaharian ng Diyos

Pangunahing Ideya:
Ang Kaharian ng Diyos ay dapat may ipekto di lamang sa ating sariling buhay kundi maging sa buhay ng mga tao sa ating kani-kaniyang komunidad.

Gagamiting Materyales

1. **TALAAN NG KALAHOK**: Mga Tanong na Tatalakayin sa Kaharian ng Diyos
2. Malaking Papel/Manila Paper o poster
3. Panulat at Krayola

Ang Panginoong Jesus Bilang Lider ng Isang Komunidad

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN
Maiisip mo ba si Jesus bilang isang lider ng iyong komunidad?

- Ano sa iyong palagay ang kanyang babaguhin sa iyong komunidad?
- Ano ang Kanyang pananatilihin?

Panuto para sa Pasiliteytor: *Kung ituon ng mga kalahok ang kanilang pansin sa pagpapalit ng mga lider pangpulitika, ipaalala sa kanila na kailanman ay hindi nagpahayag ang Panginoong ng Kanyang kagustuhan upang mapalitan ang kasalukuyang mga pinuno ng Kanyang panahon. Bagaman, inaasahan ng lahat ng Kanyang disipulo na Kanyang gagapiin at papalitan ang kanilang politikal na kalalagayan, ganun pa man, hindi Niya ito ginawa.*

Kung ang mga kalahok ay nahihirapang mag-isip ng ideya, maaaring gamitin ang mga katanungan na ito upang magsimula ng talakayan:

- Ano ang gagawin ni Jesus tungkol sa mga balo at ulilang lubos?
- Paano niya palalakasin o patatatagin ang mga pamilya?
- Paano Niya itataguyod ang ligtas at malinis na inuming tubig, sapat na pabahay at pagkain, pangangailangang pangkalusugan, basura at mga kanal, at maayos na kalsada?
- Ano ang Kanyang gagawin sa Edukasyon ng mga kabataan at matatanda?
- Ano ang Kanyang gagawin sa kalasingan, ipinagbabawal na gamot, sugal, at iba pang nakaka-addict na gawain?
- Ano ang Kanyang gagawin sa pang-aabuso sa mga asawa at anak?
- Paano Niya pauunlarin ang relasyon ng kapwa tao?

Ang Kaharian sa Lupa

Sa Biblia ay mayroon tayong halimbawa ng kahihinatnan ng isang komunidad kung ang mga mananampalataya ay magsisimulang sumunod sa Diyos sa lahat ng bagay at magtatag ng Kaharian ng Diyos.

MALILIIT NA MGA GRUPONG TALAKAYAN
Basahin ang **Mga Gawa 2:42-47,** at **4:32-35** at sagutin ang mga tanong sa **TALAAN NG KALAHOK**.
Mga Gawa 2:42-47 *"[42] Inilaan nila ang kanilang mga sarili upang matuto sa turo ng mga apostol, magsama-sama bilang magkakapatid, magsalu-salo sa pagkain ng tinapay, at manalangin. [43] Dahil sa maraming himala at kababalaghang ginagawa sa pamamagitan ng mga apostol [sa Jerusalem], naghari sa lahat ang takot. [44] Nagsama-sama ang lahat ng sumasampalataya at ang kanilang mga ari-arian ay itinuring na para sa lahat. [45] Ipinagbili nila ang kanilang mga ari-arian at ang napagbilhan ay ipinamahagi sa bawat isa ayon sa kanyang pangangailangan. [46] Araw-araw, sila'y nagkakatipon sa Templo at nagpipira-piraso ng tinapay sa*

kanilang mga tahanan, na masaya at may malinis na kalooban. [47] Nagpupuri sila sa Diyos, at kinalulugdan sila ng lahat ng tao. At bawat araw ay idinaragdag sa kanila ng Panginoon ang mga inililigtas.", at **4:32-35**
"[32] Nagkaisa ang damdamin at isipan ng lahat ng mananampalataya, at di itinuring ninuman na sarili niya ang kanyang mga ari-arian, kundi para sa lahat. [33] Taglay ang dakilang kapangyarihan, ang mga apostol ay patuloy na nagpapatotoo tungkol sa muling pagkabuhay ng Panginoong Jesus. At ang masaganang pagpapala ay tinaglay nilang lahat. [34] Walang kinakapos sa kanila sapagkat ipinagbibili nila ang kani-kanilang lupa o bahay, at ang pinagbilhan [35] ay ipinagkakatiwala nila sa mga apostol. Ipinamamahagi naman iyon ayon sa pangangailangan ng bawat isa."

- Ano ang ginawa ng mga bagong mananampalataya?
    - *Inilaan nila ang kanilang sarili sa pag-aaral ng turo ng mga apostol (pagsunod sa kaparaanan ng Diyos), magsama-sama bilang magkakapatid, nagbabahagi sila sa isa't-isa, nananalangin, nagpupuri sa Diyos, nagbibigay sa mga wala, nagbabahagi ng ebanghelyo.*
- Ang mga ito ba ay espiritwal o mga pisikal na mga bagay? *(Pareho)*
- Ano ang naging bunga o resulta?
    - *Wala sa kanila ang may kailangan, sila'y kinakalugdan ng ibang mga tao, at maraming tao ang ngangangaligtas.*
- **Anong mga bunga ang dapat nating makita sa ating komunidad kung tayo ay mayroong katulad na samahan ng mga unang mananampalataya?**

PAG-UULAT NG LAHAT

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

Isipin kung ang ating mga komunidad ay katulad ng samahan ng unang iglesia—panahon na ang maraming tao ang lumalapit o naghahanap sa Panginoong Jesus at marami ang lumalakad ng may pagsunod sa Diyos, na ating ibinabahagi kung ano ang mayroon tayo, at walang nangangailangan ni isa sa ating kalagitnaan. Hindi naman ito isang di-makatotohanang pangarap, ano po? Nangyari ito noong unang iglesia, at makikita po natin ito sa ngayon sa iba't-ibang komunidad sa buong mundo.

Basahin po natin ang kwento sa dalawang lugar na nagsikap itatag ang kaharian ng Diyos.

Kwento # 1: May isang lalaki sa India na nagtungo sa isang nayon na kung saan ay doon din s'ya nagtatrabaho. Siya'y nagtanong sa mga kababaihan sa nayon kung ano ang magiging larawan ng kanilang lugar kung si Jesus ang kanilang lider. Si Sara, isa sa mga babae doon na malakas ang loob magsalita, ay kanyang inilarawan ang kanyang nayon na may pagkaka-isa at pakiki-isa. Kanyang nalalaman na hindi pinaparangalan ng kanyang kababayan ang ating Panginoong Jesus at sila'y watak-watak din. Ang bawat pamilya ay nabubuhay para sa kanyang sarili lamang. Dahil sa tugon ni Sara, mayroong grupo ng kababaihan na nagtatag ng isang komite na pangkalusugan at isang grupo na tutulong sa kani-kanilang sarili. Ang 14 na kababaihan sa grupong ito ay nagsimulang palagiang magkita-kita upang magpulong ng may malaking kagalakan sa kanilang mga puso. Ang bawat mga kasapi sa grupong ito ay nagbahagi ng maliit na halaga upang makapagbukas ng isang 'account' na doon nila ilalagay ang maiipong halaga at sa pamamagitan nito ay sinimulan nilang sama-samang ayusin ang mga problema sa kanilang komunidad. Si Sara ay naging presidente ng komiteng ito at kaniyang ginamit ang kanyang kakayahang sa pamumuno upang makapagplano at makapagmobilisa ng mga proyekto na magagawa ng kanyang kanayon kung si Jesus ang kanilang lider.

Kwento # 2: May mga kababaihan na dumadalo sa isang pag-aaral ng Salita ng Diyos sa Uganda na nagpasyang kanilang paglilingkuran ang kanilang komunidad na parang si Jesus ang naglilingkod dito. Maingat silang nagplano para sa kanilang unang proyekto: paglilinis ng basura sa paligid ng isang lokal na 'bar' o inuman ng alak. Dalawa sa mga kababaihan ay lakas loob na pumasok sa 'bar.' (Kadalasan, ang tanging mga babae na pumapasok sa loob ng inumang ito ay ang mga babaeng nagbebenta ng kanilang mga katawan.) Sila'y pumasok at humingi ng pahintulok na kanilang lilinisin ang mga basura nito. Ang gulat na may-ari ay natawa ngunit sumang-ayon sa mga babae. Minobilisa ng mga kababaihan ang kanilang komunidad, na maraming tao

ang tumulong na magboluntaryo. Ang grupo ay humukay ng dalawang butas: ang isa ay para sa mga nabubulok na mga basura; at ang isa naman ay para sa mga di-nabubulok. Nang makita ng may-ari ang paglilinis na ginagawa ng iba, siya at ang kanyang kasamahan ay tumulong ding maglinis. Para sa ikakasiya ng komunidad, ipinagpatuloy ng may-ari ng inuman na malinis ang paligid nito. Dahil nahimuk, isa sa mga kababaihan ay nagpasyang gumawa ng 9 na kalan na matipid sa pagkunsumo ng gaas para sa mga pamilya doon sa kanilang nayon at nagkaloob din siya ng mga sisidlang tubig para sa mga mahihirap. Sunod, ang grupo ng kababaihan na nag-aaral ng biblia ay nagplano ng higit na malaking proyekto: isang pamilihang bayan. Ang mga kababaihan sa nayong ito ay kalimitang naglalakad ng maraming oras, suong-suong ang kanilang mga gulay at paninda patungo sa kanilang malayong palengke. Ang isang malapit na palengke ay magpapahintulot sa kanilang kumita ng mas malaking tubo habang napapanatili nilang malapit sila sa kanilang mga pamilya, komunidad, mga hardin. May nagbigay ng lupa, ngunit ito'y hindi patag kundi matarik upang matuyuan ng palengke. Ang mga kababaihan sa grupo ay nanalangin, at ang mga manggagawa ng kalsada na kasalukuyang nagsasa-ayos ng kanilang kalsada ay dumating at gamit ang kanilang 'bulldozer,' pinatag ito na maayos na walang bayad. Sa tulong ng Diyos, ang isang maliit na grupo ng kababaihan ay kanilang nadiskubre at nangulekta ng resorses, naiipon ng pera, nag-ayos ng mga problema, at nagtayo ng isang palengke para sa komunidad. Ang kanilang espiritwal na mga buhay ay nagsilago habang kanilang pinaglilingkuran ang iba dahil kay Kristo.

- Ano ang nangyari sa bawat kwento?
- Dahil sa mga tao sa kwento, ang komunidad ba ay napalapit sa nilalayon ng Panginoong Jesus na klaseng pamumuhay na Kanyang nais? Paano at bakit?
- Ano ang ilan sa mga ginawa ng mga grupo sa kwento?
- Paano mo magagawa ang katulad nito sa iyong komunidad?

Lahat po tayo ay maaaring maging kasali o kasalo na makita ang ating komunidad na maging ayon sa nilalayon ng Diyos para dito.

Pagbabago sa Komunidad sa Apat na Erya

Sa programang ito, ang ating tuon ay sa pamumuhay ayon sa nilalayon ng Diyos at sa pagtulong sa iba na magkaroon din ng ganoong tuon. Habang ito'y ating nakikita, makikita natin ang pagbabago sa ating komunidad.

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

- Inyo pa bang naaalala ang apat na erya na tayo ay dapat lumago katulad ng ating Panginoong Jesus? (**Lucas 2:52** *"Patuloy na lumaki si Jesus sa pangangatawan, lumawak ang kanyang karunungan at lalong naging kalugud-lugod sa Diyos at sa mga tao."*)
    - *Mental, pisikal, sosyal, at espiritwal*

Habang ating sinusunod ang Panginoong Jesus sa lahat ng erya ng ating buhay, makikita natin ang Kaharian ng Diyos sa ating Komunidad. Isang Balangkas na ating magagamit upang maisip ang iba't-ibang erya na nais nating makita sa ating komunidad na mabago o lumago na maging higit sa layunin ng Diyos ay sa pamamagitan ng pagtingin sa 4 na erya na ito—mental, pisikal, sosyal, a at espiritwal.

MALILIIT NA MGA GRUPONG TALAKAYAN

Panuto Para sa Pasiliteytor: *Hilingin sa bawat grupo na mag-isip ng mga pagbabago na nais nilang makita sa kanilang komunidad sa ilalim ng bawat na erya*—mental, pisikal, sosyal, a at espiritwal *(sa isang tsart o papel). Ipa-alala sa mga kalahok na ang sosyal ay may kinalaman sa ating relasyon sa (hal.: kasal, magulang, kapitbahay, at pagkaka-isa ng iglesia). Ang pisikal naman ay sumasakop sa pera, trabaho, at kalusugan. Ito rin ay maaaring tumukoy sa mga bagay na ating nakilala na mga pagbabago— kung si Jesus ang lider ng komunidad.*

PAG-UULAT NG LAHAT

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN
Sa ating programa, madalas nating nakikita ang mga pagbabagong ito. Mayroon ka bang nais na makitang pagbababago? Eto ba ang mga gusto mong makitang pagbababago?

1. Espiritwal
    a. Ang tao ay lumalapit sa Diyos – Pag-eebanghelyo
    b. Ang paglago - Pagdidisipulo
2. Pisikal
    a. Umunlad na pabahay
    b. Umunlad na hanapbuhay – Agrikultura at pinagandang kalsada at pinahusay na pamamahala sa pera
    c. Umunlad na kalusugan
3. Sosyal
    a. Umunlad na komunidad at relasyon sa government
    b. Umunlad na pagsasamang mag-asawa
    c. Umunlad na pangunguna bilang magulang
4. Mental
    a. Edukasyon para sa matanda at mga bata
    b. Humusay na kaalaman at kasanayan

Konklusyon

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN
Ang ating Diyos ay naghahangad din na makita ang ating komunidad na mabago na maging higit na katulad ng Kanyang Kaharian. Hinihimuk tayo ng Panginoong Jesus na ating ipanalangin na "ang Kanyang Kaharian ay dumating sa mundo gaya ng ito ay sa langit" at Kanya tayong sinabihan na "hanapin muna ang Kanyang Kaharian."

- Inyo po bang nakikita kung gaano kaganda tumira sa isang komunidad na ang mga tao ay nabubuhay ng may buong pagsunod sa Diyos sa lahat na 4 na erya ng ating buhay? Mayroon siguradong masasayang pamilya, at mapag kaibigang kapitbahay, may pagtutulungan sa isa't-isa at may pamumuhay ng may pagkakasundo; wala siguradong pagtatalo-talo o pag-aaway-away o di pagiging tapat.
- Gusto mo bang tumira sa ganitong klaseng komunidad? Bakit?

Ang Diyos ay nagbigay sa ating ng isang nakakapanabik na pangitain: ang pangitain ng Kanyang Kahariang paparating sa Mundo. Nais Niya na tayo ay maging bahagi nitong pagtatatag ng Kanyang Kaharian dito sa Mundo. Siguro ay inyo nang naisip kung anong klaseng mundo mayroon tayo kung ang lahat ng tao ay sumusunod sa Diyos. Ito ay tulad na ng langit! Bagaman, ating nalalaman na hindi ito magiging kumpleto hanggang di bumabalik ang Panginoong Jesus, maaari pa rin tayong magsimula sa pagtupad nitong pangitain na ito.

Araw-araw, tayo ay dapat gigising at mag-iisip:

1. Paano ko itatatag ang Kaharian ng Diyos ngayon?
2. Ano ang aking magagawa upang magpalago o mapalaki ang Kaharian ng Diyos?
3. Paano ako mamumuhay ng naaayon sa batas o kautusan ng Diyos?
4. Paano ko matutulungan ang aking pamilya / ang aking komunidad na kanila rin gawin ang mga ito?

MALILIIT NA MGA GRUPONG AKTIBIDAD

- Mag-isip ng dalawang bagay na iyong magagawa sa linggong ito upang makatulong sa pagtatatag ng Kaharian ng Diyos sa iyong Komunidad.

Manalangin ng sama-sama, na humihingi sa Diyos ng Kanyang tulong upang ating madala ang Kanyang Kaharian sa inyong komunidad.

Aralin 5: Pagtatatag ng Kaharian ng Diyos sa Pamamagitan ng Paglilingkod sa Iba

Pangunahing Ideya:
Habang ating pinaglilingkuran ang ibang tao, makikita natin ang ating komunidad na higit na nagiging katulad ng Kaharian ng Diyos.

Gagamiting Materyales:

1. **TALAAN NG KALAHOK**: Mga Talakayang Tanong tungkol sa mga Kwento ni Mrs. Lee at mga Pamilyang Nangangailangan
2. **TALAAN NG KALAHOK**: Kwento at mga tanong tungkol sa Isang Pamilya na Gumawa ng Kakaiba

Magsimula sa Iyo at Iyong Pamilya

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN
Ang pagtatatag ng Kaharian ng Diyos ay may sinusunod na napakasimpleng modelo:

Panuto para sa Pasiliteytor: *Iguhit sa pisara o sa isang poster ang modelong ito.*

Ikaw ➔ Iyong Pamilya ➔ Iyong Komunidad ➔ Iyong Bansa

1. Magsimula sa iyong sarili
Ang unang hakbang upang makita ang Kaharian ng Diyos na matatag sa iyong buhay, sa iyong pamilya, sa iyong iglesia, sa iyong komunidad, at sa iyong bansa ay ang suriin ang iyong sarili. Ikaw ba ay nagsisikap na maging masunurin sa Diyos sa lahat ng erya ng iyong buhay?

2. Turuan at himukin ang iyong pamilya
Habang ikaw ay nagsisimulang sumunod sa Diyos sa lahat ng erya ng iyong buhay, kailangan mo ring himukin ang iyong pamilya na gawin rin ito.

3. Hilingin sa Diyos na gamitin ka upang mahalin ang iba
Magsimulang manalangin at hingin sa Diyos na tulungan kang magkaroon ng ipekto sa buhay ng iba. Maghanap ng pagkakataon. Habang iyong nakikita ang mga taon na nangangailangan, hilingin sa Diyos na ipakita sa iyo paano makatulong doon sa mga taong iyon.

4. Maglingkod sa iba
Makilahok sa isang 'Act of Love' at maghanap pa ng ibang paraan upang makapaglingkod. Kahit na iyong pakiramdam na hindi kalakihan ang iyong nagagawa, kailangan pa ring gamitin ang lahat nating talento na ibinigay ng Diyos upang tayo ay makapaglingkod. Habang ikaw ay naglilingkod sa iba, ikaw ay magsisimulang lalago at iyong makikilala na marami ka pang higit na maaaring magawa.

Pagkakatuto sa Paglilingkod sa Ibang Tao

Sa araling ito ay ating titingnan paano tayo makapaglilingkod sa iba sa ating komunidad—paano tayo makakatulong sa iba ng hindi gumagastos ng pera o di tayo lumilikha ng umaasa na lamang sa atin.

MALILIIT NA GRUPONG TALAKAYAN
Isiping may isang nangangailangang pamilya sa inyong komunidad. Ano ang ilang mga bagay na iyong magagawa upang makatulong sa pamilyang ito?

PAG-UULAT NG LAHAT

Si Mrs. Lee ay isang tunay na babae mula sa Asia, ngunit ang kanyang pangalan ay iniba sa ating kwento. Kaniyang ninanais matulungan ang mga mahihirap na pamilya sa kanyang komunidad, lalo na ang mga walang trabaho. Nagsimula siyang bumisita sa ilang mga pamilya buwan-buwan, na naghahanap ng pagkakataong makatulong sa kanilang magkaroon ng hanapbuhay. Ang mga kwentong ito ay nangyari sa tutuong buhay.

MALILIIT NA MGA GRUPONG TALAKAYAN

Sa inyong grupo, basahin ang 3 kwento ni Mrs Lee na makikita sa **TALAAN NG KALAHOK** at sagutin ang mga tanong.

Kwento # 1 – Si Mrs. Lee at ang Hardin ng mga Bulaklak

Sa kanilang lugar, mayroong isang mahirap na pamilya na may 2 anak. Parehong walang trabaho ang tatay at nanay. Binibisita sila ni Mrs. Lee at kanyang napansin na mayroon silang maliit na lupa sa harapan ng kanilang bahay. 'Bakit hindi ka ng ibang bulaklak sa malapit na palengke.'

Ginawa nga ng nanay ng pamilya ang sinabi ni Mrs. Lee at nagsimula siyang dalhin sa palengke ang kanyang mga bulaklak upang doon ipagbili. Kaniya agad napag-alamanan na naghahanap din ng iba pang uri ng mga bulaklak ang kanyang mamimili, ngunit wala na siyang lupa na matataniman pa ng mga bulaklak na hinahanap sa kanya. Ang nanay na ito, dahil sa kanyang sitwasyon na wala na siyang lupang matataniman ay nagsimulang mamili ng mga bulaklak sa ibang nagtatanim at isinama ito sa kanyang paninda upang lumaki ang kita. Ngayon na mayroon na siyang isang maliit na pwesto sa palengke na napagbebentahan ng kanyang mga bulaklak, kaniya na rin naisip na 'maaari na rin siyang magbenta ng iba pang mga produkto!' Maaga siyang gumugising upang mamili ng mga saging at mga buko/niyog upang ibenta sa kanyang pwesto kasama sa pwesto ng kanyang mga panindang bulaklak.

Kwento # 2 – Si Mrs. Lee at ang Matamis na Kamote

Isa pang pamilya na nangangailangan ng tulong ang gustong makapagtrabaho ngunit hindi alam kung ano ang gagawin at wala ring natatanging mga kakayahan. Sila'y dating nagtatrabaho bilang arawang trabahador, ngunit sa ngayon ay hindi nakakakita ng mapagtatrabahuhan. Nakikita ni Mrs. Lee na masipag naman ang pamilyang ito at nagnanais talagang magtrabaho, kaya kanyang binisita ang isang pamilya na kanyang kasamahan sa iglesia na mga nagtatanim ng Kamote. Kanyang inusisa kung ang pagtatanim ng Kamote ay isang magandang negosyo, kung marami ba ang naghahanap nito, at ano ang kailangan upang makapagsimula ng ganitong pananim.

Nang kaniyang natutunan na isa itong magandang hanapbuhay, ipinaliwanag niya sa kanyang kasamahan sa iglesia na pamilya, na sila'y tinawag ng Diyos upang magmahal sa kanilang kapwa at tingnan ng may pagtulong ang mga mahihirap. Kanyang tinanong sila kung sila ba ay magiging handa na turuan ang pamilyang mahirap paano magtanim at mag-alaga ng Kamote. At sila'y sumang-ayon. Ipinakilala ni Mrs. Lee introduced ang dalawang pamilya. Ang mahirap na pamilya ay sabik na sabik na ngayon ay mayroon na silang magagawa, at kaagad-agad silang nagtungo at umupa ng isang maliit na lupa at kumuha ng lahat nga kanilang kakailanganin upang makapagsimula. Sa pagtatapos ng taon, sila ay nagkaroon ng magandang ani at kanilang nabayaran ang upa sa lupa, ang bayad sa binhi, at mayroon pang kinitang maganda para sa kanilang pamilya.

Kwento # 3 – Si Mrs. Lee at Pamilyang Pinagkasundo

Ang ikatlong pamilya na ninais ni Mrs. Lee na matulungan ay ang isang pamilya na dahil sa problema ay nahiwalay na sa kaniyang pamilya o magulang. Ang magulang ng pamilyang ito ay naniniwala na ang kanilang anak at ang pamilya nito ay walang pakinabang at walang anumang halaga. Sinikap ni Mrs. Lee na makilala ang magulang ng pamilyang nais niyang tulungan upang mapagkasundo ang dalawang panig. Ginarantiyahan ni Mrs. Lee ang magulang nito na kaniyang palagiang bibisitahin ang pamilya ng kanilang anak at tutulungan silang mapaunlad ang kanilang pamumuhay kung ang mga magulang ay muling tatanggapin ang kanilang anak

at tutulungan ito ng kahit maliit lamang. Bilang bunga nito, ang mga magulang ay nagpasyang pagkatiwalaan muli ang kanilang anak at nagpasyang pahiramin siya ng pera upang makapagsimula ng isang negosyo na namimili ng mga sirang mga gamit o mga 'scrap' na bagay. Ngayon ay namimili siya ng bago, lumang mga bagay na gawa sa bakal at ibinibenta nya ito sa isang lokal na 'He now buys old, used things which are made of iron and sells them to the local tindahang nagrerecycle. Ngayon ay kaniya nang nagsusuportahan ang kaniyang sariling pamilya at kanya nang pakiramdam na mayroon na siyang dignidad matapos ang pagkakasundo at pagkakaroon ng hanapbuhay.

1. Ano ang ginawa ni Mrs. Lee para sa bawat isang pamilya?
    - *Nagbigay siya ng payo at kanyang hinimuk sila*
    - *Binisita n'ya ang iba, tulad ng pamilya na nagtatanim ng Kamote, upang matutunan kung magandang negosyo ba ito at handa ba silang tumulong.*
2. Ano ang naging bunga o resulta ng naging aksyon ni Mrs. Lee?
    - *Ang tao ay nagkatrabaho at kanilang napunuan ang pangangailangan ng kanilang pamilya.*
    - *Ang mga tao ay nagkadignidad na mayroon silang nagawa upang matulungan nila ang kanilang mga sarili.*
3. Ano kaya ang mangyayari kung binigyan lamang ng pera o pagkain ni Mrs. Lee ang bawat isang pamilyang ito?
    - *Hindi sila magbabago.*
4. Kung linggo-linggo ay binigyan sila ng pera ni Mrs. Lee sa loob ng 2 taon at pagkatapos ay huminto, sa inyo po bang palagay ay umunlad ang kanilang buhay gaya ng ating nasaksihan sa kwento?
    - *Hindi, sila ay maaaring nagsanay sa binibigay ni Mrs. Lee na pera linggo-linggo at inaasahan na lamang ito sa halip na magsipagtrabaho sila.*
5. Ano ang kaibahan ng pagtulong gamit ang pera sa paraan ng pagtulong ng ginawa ni Mrs. Lee?
    - *Kanyang binigyan ang mga tao ng kakayahan at praktikal na paraan upang kanilang matulungan ang kanilang sarili.*
6. Inyong isiping, kung tayong lahat ay magsisimulang kumilos o mamuhay ng tulad ni Mrs. Lee—bibisita ng mga pamilya at makikinig, maghahanap at magsisikap upang maunawaan ang kanilang mga problema, at pagkatapos ay maghahanap ng solusyon. Ano po kaya ang magiging ipekto nito sa ating komunidad?

PAG-UULAT NG LAHAT

Isang Pamilyang Nangangailangan

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

Isiping may isang pamilya na nakatira malapit sa iyong iglesia. Ang mister ay kadalasang wala, ngunit minsan o dalawang beses sa isang buwan ay umuuwi at nagdadala ng kaunting pera na kanyang kinita para sa kanyang pamilya. Ang misis ang s'yang nag-aaruga sa kanilang tatlong anak at wala ni isa sa mga bata ay nag-aaral sa skul sa hirap ng kanilang buhay. Kalimitan ay nagtatagbuhan lamang ang mga bata sa paligid ng bahay na walang tsinelas at di pa kumpleto ang suot na lumang damit. Ang kanilang bahay ay halos masisira na at malakas ang tulo sa loob kapag umuulan. At minsan ay maririnig mo ang mga bata na nag-iiyakan dahil sa gutom.

- Ano ang mga pangangailangan ng pamilyang ito?

Higit sa kahit ano, ang babaing ito ay maaaring nakakaramdam na ng kawalan ng pag-asa. Maraming mga tao na hindi nagtatrabaho ay hindi nangangahulugang mga tamad gaya ng ating maaaring inaasahan. Madalas, sila ay nasobrahan sa kahirapan ng buhay at nahihirapang maniwala na mababago pa ang kanilang buhay. Ang iyong pinakamahalagang trabaho ay tulungan silang makita na maaaring magbago ang sitwasyon sa pamamagitan ng pagtulong mo sa kanila na magsimulang magbago. Habang ang maliit na regalong bigas sa

pamilya ay ok lamang, ngunit kung ito ay gagawin mo ng higit sa isang beses, iyo lamang silang hinihimuk na sila'y maniwala na ang kanilang sitwasyon ay wala nang pag-asa. Ang kanilang kailangan ay pag-asa na ang buhay ay magbabago.

MALILIIT NA MGA GRUPONG TALAKAYAN

Panuto para sa Pasiliteytor: *Gamitin ang* ***TALAAN NG KALAHOK****: Talakayang mga Tanong tungkol sa Isang Pamilyang Nangangailanga*.

- Ano ang paraan na ikaw ay makakatulong bilang Mrs. Lee sa pamilyang ito?

Posibleng mga Sagot:

- *Tulungan ang misis at mga batang anak kumita ng pera. Mayroon ba silang kahit na maliit na lupa o espesyal na mga kakayahan?*
- *Tulungan ang mga bata na pumasok sa paaralan. Dalhin ang nanay upang makipag-usap sa lokal na pamahalaan upang makita kung maaari bang makakuha ng libreng edukasyon (at sa ating bansa ay libre naman ang elementarya, secondarya at may piling mga kolehiyo na libre din) o di kaya ay ipasok sa isang espesyal na klase sa kanilang erya upang matutong magbasa at sumulat ang mga ito. Alamin kung ano ang mayroong tulong na naririyan na.*
- *Kumulekta ng mga damit mula sa iglesia at magsikap na magkaloob ng ilang pangunahing kailangang damit para sa bawat isang bata.*
- *Simulan ang pagbisita sa nanay sa isang regular na pagkakataon at himukin siyang makita na ang buhay ay maaaring magbago.*
- *Tulungan ang pamilyang ayusin ang bahay. Hilingin ang ilang mga kapatiran mula sa iglesia na pumunta at tumulong sa pagkukumpuni ng bahay, ngunit gamitin ang mga kagamitan na mayroon na ang pamilya at ang tulong ng mga bata. Ang isang 8-taong gulang na bata ay may maraming enerhiya!*
- *Himukin ang pamilya na magsimula ng isang maliit na hardin upang makapagtanim ng mga gulay at sila ay magkaroon ng mas mabuting uri ng pagkain.*
- *Pagkalooban ang pamilya ng ilang pirasong mga sisiw o manok at kumuha ng isang tao mula sa iglesia na marunong sa pag-aalaga at pangangalakal nito upang turuan sila. Kung kinakailangan ay sa iyong bahay ilagay ang mga manok upang di matukso ang pamilya na kainin ito agad at hilingin ang isa sa mga anak na pumunta sa iyong bahay araw-araw upang kumulekta ng mga itlog at alagaan na rin ang mga ito. Siguruhing maturuan silang mabuti paano mag-alaga ng manok ng mahusay.*
- *Kontakin ang pamilya ng mister at misis. Sila ba ay maaaring makatulong sa anumang paraan?*
- *Tulungan ang pamilya paano mahusay na magplano sa paggamit ng perang iniuwi ng mister. Maaari ba nilang ilagay ito sa isang pamumuhunan na magbibigay sa kanila ng mas maraming pera sa panghinaharap? Paano nila ito mapapatagal sa buong panahon bago dumating ang kasunod na dalang pera ng mister?*

Mga Komunidad

MALILIIT O MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

Panuto para sa Pasiliteytor: *Para sa mga grupong may kakayahang magbasa at magsulat, gamitin ang* ***TALAAN NG KALAHOK*** *at humiling sa isang kalahok na basahin ang kwento at talakayin ang tanong sa mga grupo. Sa mga di-nakakabasa't nakakasulak na grupo, basahin ang kwento sa klase upang matalakay ito.*

Ito ay isang tutuong kwento tungkol sa isang lalaki na kanyang dinala ang kanyang pamilya sa isang lugar na walang kristiano dahil nais niyang maibahagi si Kristo sa mga tao. Nais niyang makita ang Kaharian ng Diyos na maitatag at ang buhay ng mga tao na maipanumbalik sa lahat ng erya—sa mental, sa pisikal, sa espiritwal, at sa sosyal.

Isang Pamilyang Kristiano ay Gumawa ng Kakaiba

Ito ang kwento ng isang pamilyang Kristianong tumulong sa pagtatatag ng Kaharian ng Diyos sa isang di-kristianong nayon. Ang nayong ito ay matatagpuan sa kabundukan ng Himalayan. Mga ilang kilometro mula sa nayon ng taniman ng tsaa. Ito ang nagbibigay ng pangunahing trabaho para sa mga tao sa nayong ito. Ganon pa man, ang sweldo ay napakababa na ang mga tao ay nahihirapang mamuhay kahit na may trabaho.

Ang nayong ito ay binubuo ng mga 25-sirang mga bahay na hindi maganda ang pagkakagawa, kahoy na bahay na may yerong bubong. Wala ring palikuran sa nayong ito. Dahil ito ay nasa napakataas na lugar sa kabundukan, napakalamig dito; ganon pa man, ang mga bata rito ay nakapaa lamang ay may malalaking tiyan.

Ang bawat bahay ay nakatayo sa isang maliit na pirasong lupa. Ang pagluluto ay ginagawa sa nakahiwalay na maliit na puno ng usok na lutuan na may tuloy-tuloy na apoy, na may kalderong nakapatong at nakabalanse sa tatlong malaking mga bato. May ilang mga manok na nagtatakbuhan sa paligid at sa loob at labas ng bahay, at ang kanilang buong bahay ay marurumi.

Ang pinakamalapit na skul ay 2 kilometro ang layo. Malayo ito para sa mga bata na lakarin araw-araw lalo na ay nasa bundok sila, at mayroon din silang trabaho na dapat gawin sa bahay. Kaya, halos lahat ng mga bata ay hindi na pumapasok sa paaralan. Marami sa matatanda ay hindi marunong magbasa at magsulat. Kaya naman, sila ay madalas na nalalamangan ng ibang mga taga nayon na nakakabasa at nakakapagsulat.

Mayroon lamang iilan at kakaunting mga hardin doon dahil ang pinakamalapit na tubig ay may dalawang kilometro ang layo. Napakahirap nga magdala ng inuming tubig maging tubig na panghugas, lalo na ng pandilig sa mga pananim. Dati-rati ay mayroong tubo na mula sa pinagmumulan ng tubig ngunit hindi na ito gumagana sa ngayon, at walang ginagawa ang mga tao ng kahit ano para maisa-ayos ito.

Ang ulan naman ay Paminsan-minsan lamang maliban sa panahon ng tag-ulan na doon sila ay nakakakuha ng sapat na tubig para sa kanilang pananim na mga bigas. Wala silang sapat na lugar o oras upang makapagtanim ng mga gulay. Kung sila ay papalarin, sila ay makaka-ani ng sapat na bigas na tatagal hanggang sa susunod na anihan.

Ang mga tao dito ay mga 'Hindu,' kaya sila ay sumasamba sa iba't-ibang mga diyos. Mayroon silang isang milyong mga diyos, na para sa isang Hindu ay kinakailangang niyang pahinahunin at sambahin. Ang nayon ay may maraming maliliit na mga rebulto para sa mga diyos ng Hindu. Sa bawat oras na kakain ang isang Hindu ay maghuhulog siya ng ilang pirasong pagkain sa sahig para sa mga gumagalang mga espiritu.

Parang lagi silang talunan at walang kapag-a-pag-asa. Ang kanilang tanging pag-asa ay sana, sa kanilang susunod na buhay sila ay marere-incarneyt sa isang maganda-gandang sitwasyon. Ngunit mayroon ding pagkakataon na, kung kanilang di napasiya ang mga diyos, sila ay marere-incarneyt bilang isang daga o isang aso. Pakiramdam nila ay nabitag sila, na walang malalabasan at walang paraan upang kanilang mapabuti ang kanilang pamumuhay.

Si Lepcha ay isang ebanghelista na pumasok sa eryang ito. Kaniyang inaral ang mga pangunahing bagay sa pagtulong sa kanila na mapa-unlad ang kanilang kalusugan sa isang buwang kurso. Nang kanyang makumpleto ang kursong ito, siya, kasama ng kanyang pamilya ay lumipat sa nayong ito, upang sila ay makatira rito at makatulong sila sa kanilang magiging mga kapitbahay sa pamamagitan ng pagbabahagi ng kanilang natutunan. Sila ay mayroong malinis na bahay at kapaligiran na may lutuang naka-angat, na ang kanilang pagluluto ay nagiging madali at gumagamit ng kakaunting kahoy kumpara sa mga taga-roon na nasa lupa ang lutuan and used less firewood. Sila ay mayroon ding maliit na kulungan ng mga manok upang di ito labas pasok ng kanilang bahay. Sila rin ay nagtanim ng kanilang sariling hardin ng mga gulay, na nagpaunlad sa nutrisyon ng kanilang mga anak. Mayroon din silang palikuran sa labas ng kanilang bahay, at ang kanilang mga anak ay walang mga bulate o diarrhea na madalas na nararanasan ng mga bata doon sa nayon.

Si Lepcha ay naglagay din ng alulod sa kanyang bubungan at mga sisidlan na sasahod sa tubig ulan sa mga panaka-nakang pag-ulan sa kanilang lugar. Kinopya ng iba ang kaniyang ideya, at ngayon, may tubig sila sa tuwing uulan.

Si Lepcha ay nanghikayat ng kanyang mga kanayon na magtulong-tulong upang sila'y makapaglagay ng tubo mula sa pinagmumulan ng tubig patungo ng kanilang nayon, at ngayon ay may sagana silang tubig, sapat kahit sa kanilang pagdidilig ng kanilang mga gulay sa hardin. Marami ang gumaya sa kulungan ng mga manok at nagtayo o nagpagawa rin ng palikuran na hindi nangangamoy o may mga langaw.

Nang dumating ang pamilya ni Lepcha doon, sila'y nagsimulang magturo sa mga matatanda at mga bata na nagnanais matuto paano magbasa at magsulat. Sila ay nagsimulang magturo sa mga bata at kabataang magbasa. Sa ngayon, ang nayong ito ay mayroon nang sariling paaralan para sa mga bata hanggang sa ika-4 na baitang.

Sa ngayon ay mayroon na ring isang maliit na iglesia dahil 23 pamilya sa 25 pamilya ay mayroon nang personal na relasyon sa ating Panginoong Jesus.

Ang mga tao ay mayroon nang pakiramdam na mayroon na silang nararating, at kanilang nakikita na maaari silang mamuhay ng malulusog dahil may isang pamilya na sapat na umaruga sa kanila ang dumating at nagbahagi ng kanilang buhay sa kanila.

Ang katulad nitong kwento ay paulit-ulit na naiikwento sa mga nayon ng hilagang India at Silangang bahagi ng Nepal. Ngayon, ang katulad na ganitong pangyayari ay nagaganap sa 120 nayon sa erya. Ang pamumuhay ng mga tao ay tunay na pisikal na nabago. Ngunit ang mga nayon ay nababago rin sa kanilang espiritwal na pamumuhay na gaya nga sa ngayon, 107 bahay sambahin ang napasimulan doon, na ang pinakamalaking grupo ay mayroong 200 miyembro.

- Ano ang mga ilan sa mga pagbabago ang dinala ni Lepcha sa komunidad Tingnan muli ang kwento at gumawa ng listahan sa ilalaim ng 'Menta, Pisikal, Espiritwal, at Sosyal!
- Paano niya dinala ang mga pagbabagong ito? Kanino siya nagsimula?
- Paano nabago ang komunidad dahil kay Lepcha?
- Paano ka magiging katulad ni Lepcha sa iyong komunidad?

Tala: Sa mga susunod na pagsasanay ay aming dadalhin din sa inyo ang mga aral pangkalusugan na katulad sa pinag-aralan ni Lepcha.

Konklusyon

Si Lepcha at Mrs. Lee ay dalawa sa ating modelo ng pagtulong sa kapwa. Pareho nila tayong pina-aalalahanan na hindi natin tinutulungan ang iba sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga bagay kundi sa pamamagitan ng paggugol ng panahon kasama ang mga tao, pag-unawa sa kalalagayan ng mga tao, pagtatatag ng mga relasyon, panghihimuk, pagtuturo at pagmomodelo ng pagbabago.

MALILIIT NA MGA GRUPONG TALAKAYAN

- Isipin ang iyong komunidad. Mayroon bang isang pamilya na iyong mapapaglingkuran? Ano ang ilang mga paraan na mapapaglingkuran mo sila?
- Mayroon bang ilang mga magagandang kasanayan na iyong maiilagay sa aksyon? Ano ang iyong maaaring gawin?

PAG-UULAT NG LAHAT

Aralin 6: Katalinuhan at Kapangyarihan ng Diyos

Main Idea:
Kung nais mong makita ang iyong komunidad na magbago, kailangan natin ang katalinuhan at kapangyarihan ng Diyos. Tanging ang Diyos lamang ang maaaring makapagbago ng isang komunidad.

Gagamiting Materyales

- **TALAAN NG KALAHOK**: Ang Katalinuhan ng Diyos
- **TALAAN NG KALAHOK**: Ang mga Kwento ng Pagpaparami ng Diyos

Panimula

MALILIIT NA MGA GRUPONG TALAKAYAN
Iyong ipagpalagay na ikaw ang bagong halal na lider ng inyong komunidad at ikaw ay nahilingan na pangunahan ang isang proyekto ng pagbabago ng inyong komunidad na maging isang modelong komunidad para sa inyong lugar. (Ang isang modelong komunidad ay isang halimbawa ng magiging perpektong komunidad sa tutularan ng ibang komunidad.)

- Ano ang mga ilang resorses ang iyong kakailanganin? Sikaping isipin ang tungkol sa lahat ng bagay kasama ang mga experto, pananalapi, bagong kalsada, at ang iba pa.

PAG-UULAT NG LAHAT

Panuto para sa Pasiliteytor: *Habang nakikinig ka sa pag-uulat, pasalamatan ang lahat sa kanilang pagsisikap. Gumawa ng tala sa mga grupong bumanggit ng mga ideya tulad ng panalangin, kapangyarihan ng Diyos, katalinuhan ng Diyos, at iba pa. Kung wala namang nakabanggit ng mga ito, maganda na tanungin ang mga kalahok kung mayroon pa silang maaaring nakakalimutan.*

Basahin ang **II Cronica 7:14** *"ngunit kung ang bayang ito na nagtataglay ng aking karangalan ay magpakumbaba, manalangin, hanapin ako at talikuran ang kanilang kasamaan, papakinggan ko sila mula sa langit. Patatawarin ko sila sa kanilang mga kasalanan at muli kong pasasaganain ang kanilang lupain."*

- Ano ang ating kailangang gawin upang makita natin ang ating komunidad na gumaling?
    - *Manalangin, hanapin ang Diyos, at manumbalik sa Kanya at Lumayo sa masasamang gawa.*
- Sino ang dapat gumawa ng mga bagay na ito?
    - *Ang mga tao ng Diyos*
- Habang ating ginagawa ang mga ito, ano ang gagawin ng Diyos?
    - *Kanyang papakinggan tayo, Kanyang Patatawarin tayo, at Kanyang pagagalingin ang ating lupa!*

Hindi natin mababago ang ating komunidad o maitatag ang Kaharian ng Diyos sa pamamagitan lamang natin. Ating nalalaman na ang maraming pagsisikap na ating ginawa, maging ng ating gobyerno o ng ibang grupo. Ngunit hindi natin nakitang nabago ang ating komunidad. Maaaring may mga magagandang mga bagay tayong nakita, ngunit ang isang kumpletong pagbabago ay nangangailangan ng tulong ng Diyos. Ating kailangan ang kanyang katalinuhan at kapangyarihan upang mapaglabanan ang ilang mga hadlang na ating makikita. At habang tayo ay nananalangin at sumusunod sa Diyos, ating makikita ang ating komunidad na nababago.

Katalinuhan ng Diyos

MALILIIT NA MGA GRUPONG TALAKAYAN

Panuto para sa Pasiliteytor: *Gamitin ang* ***TALAAN NG KALAHOK*** *upang bigyan ang bawat grupo ng isang sipi at mga tanong upang kanilang talakayin o isulat ang bawat sipi at mga tanong sa hiwalay na papel. Pagkatapos ay ibigay sa bawat grupo ang isang papel upang basahin at talakayin ito. Kung ang ibang mga grupo ay maagang o madaling natapos, hayaan silang makipagpalit sa ibang mga grupo.*

Basahin ang **I Hari 3:7-14** *"7 Yahweh, aking Diyos, ginawa mo akong hari bilang kahalili ng aking amang si David, kahit ako'y bata pa't walang karanasan. 8 Ngayo'y nasa kalagitnaan ako ng iyong bayang pinili, bayang hindi na mabilang sa dami. 9 Bigyan po ninyo ako ng* ***karunungang kailangan ko sa pamamahala*** *at* ***kakayahang kumilala ng mabuti sa masama****. Sapagkat sino po ba ang may kakayahang maghari sa napakalaking bayang ito?" 10 Dahil ito ang hiniling ni Solomon,* ***nalugod sa kanya si Yahweh*** *11 at sinabi sa kanya, "Dahil hindi ka humiling para sa iyong sarili ng mahabang buhay, o kayamanan, o kamatayan ng iyong mga kaaway, kundi ang hiniling mo'y karunungang kumilala ng mabuti sa masama, 12 ibibigay ko sa iyo ang hiniling mo.* ***Bibigyan kita ng karunungan na walang kapantay****, maging sa mga nauna o sa mga susunod pa sa iyo. 13* ***Ibibigay ko rin sa iyo ang mga bagay na hindi mo hiningi: kayamanan at karangalang hindi mapapantayan*** *ng sinumang hari sa buong buhay mo. 14* ***At kung mamumuhay ka ayon sa aking kalooban, kung susundin mo ang aking mga batas at mga utos, tulad ng ginawa ng iyong amang si David, pagkakalooban pa kita ng mahabang buhay****.""*

- Ano ang hiniling ni Haring Solomon sa Diyos?
    - *Pagkilala sa Pamamahala, isang pusong may pagkilala*
- Ano ang naging reaksyon ng Diyos?
    - *Siya'y nasiyahan. Kanyang ipinangako na bigyan siya ng pagkilala na higit sa mga nauna sa kanya maging sa mga susunod pa sa kanya at pinangakuan din siya ng Diyos ng kayamanan, karangalan at mahabang buhay.*

Basahin ang **Santiago 1:5** *"Ngunit kung ang sinuman sa inyo ay kulang sa karunungan,* ***humingi siya sa Diyos at siya'y bibigyan, sapagkat ang Diyos ay nagbibigay nang sagana*** *at* ***hindi nanunumbat****."*

- Ano ang sinasabi ni Santiago na ating hingin sa Diyos?
    - *Karunungan o katalinuhan*
- Paano tumugon ang Diyos ayon kay Santiago?
    - *Mapagbigay Siyang ipagkakaloob ito sa humihingi ng walang paghahanap ng kamalian.*

Basahin ang **Awit 81:11-16** *"11 "Ngunit* ***ang bayan ko'y hindi ako pansin, di ako sinunod*** *ng bayang Israel, 12 sa tigas ng puso, aking hinayaang ang sarili nilang gusto'y siyang sundan. 13 Ang* ***tangi kong hangad, sana ako'y sundin, sundin ang utos ko*** *ng bayang Israel; 14 ang* ***kaaway nila'y aking lulupigin, lahat ng kaaway agad lilipulin****. 15 Silang namumuhi't sa aki'y napopoot, ay magsisiyuko sa laki ng takot, ang parusa nila'y walang pagkatapos. 16 Ngunit* ***ang mabuting bunga nitong trigo, ang siyang sa inyo'y ipapakain ko; at ang gusto ninyong masarap na pulot, ang siyang sa inyo'y aking idudulot****.""*

- Ano ang naging pagkukulang ng bansang Israel na gawin?
    - *Ang makinig sa Diyos (vv. 11 at 13)*
- Ano sana ang ginawa ng Diyos kung sila'y nakinig?
    - *Mapagtatagumpayan nila ang kanilang kalaban at kaaway*
    - *Pakakainin sila ng pinakamahuhusay na pagkain*

Basahin ang **Isaiah 55:8-9** *"8 Ang sabi ni Yahweh, "Ang aking kaisipa'y hindi ninyo kaisipan, ang inyong kaparaanan ay hindi ko kaparaanan. 9 Kung paanong ang langit ay mas mataas kaysa lupa, ang aking kaparaanan ay higit kaysa inyong kaparaanan, at ang aking kaisipan ay hindi maaabot ng inyong kaisipan."*

- Paano inilarawan ng Diyos ang Kanyang mga kaparaanan at Kanyang mga kaisipan?

- *Ang Kanyang kaisipan at kaparaanan ay higit na mas mataas kaysa sa ating kaisipan at kaparaanan.*

PAG-UULAT NG LAHAT

- Ano ang ating matututunan mula sa mga talatang ito?

Ang Biblia ay maliwanag na nais ng Diyos na tayo ay humingi nga karunungan sa Kanya. Siya'y masaya kapag atin ito ginawa at mapagbigay Niyang ipagkakaloob ito sa sinumang hihingi sa Kanya ng karunungan. Ngunit kung tayo ay magkakamaling hindi makikinig sa Kanya, ating hindi nalulugod ang Diyos. Laging nalalaman ng Diyos ang higit na mabuti kaysa sa nalalaman natin. Ang Kanyang kaisipan ay laging mas mataas kaysa sa atin. Ang Kanyang kaparaanan ay laging mas mataas din kaysa sa atin.

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

Ating pakinggan ang isang kwento paano ang Diyos ay nagbigay ng karunungan sa isang komunidad.

Sa isang komunidad, ang kanilang pangarap o panaginip ay ang magkaroon ng isang traktor. Kanilang isinama ito sa kanilang plano, ngunit parang isang imposimble na sila ay magkaroon ng sapat na pera upang makabili ng isang traktor. Sa bawat buwan ng kanilang pagpupulong, sila'y mananalangin at kanilang hinihiling sa Diyos ang sunod nilang dapat gawin upang kanilang makita ang kanilang komunidad na maging higit na katulad ng nilalayon ng Diyos para dito.

Minsan sa isa nilang pagkakatipon, kanilang naramdaman na parang ang Diyos ay nangusap sa kanila at nagsabi ng, 'kung inyong lalawakan ang nalalakaran o dadaanan para sa mga pananim o produkto patungong sa pinagmumulan nito, ibibigay ko sa inyo ang traktor.' Ang iglesia ay agad na tumugon at kanilang nilawakan ang 3 kilometrong daanan upang kumasya dito ang kariton na magdadala ng mga produkto.

Nang taong iyon, ang bawat isa ay maaaring makapagpalago ng higit na maraming produkto, at dahil hindi na rin nila kailangan pang pasanin sa kanilang likuran ang kanilang mga ani. At dahil ang kanilang mga ani ay nakasakay na sa kariton, madali na nila itong naibyahe. Mas marami ang kanilang nadala sa palengke upang maipagbili, at higit itong mas sariwa nang ang mga ito ay nakarating doon, at dahil dito ay nakahingi sila ng mas magandang presyo. Ang mga taga-nayon ay tuwang-tuwa sa napakahusay na ginawa ng iglesia na dinala ng mga taga-nayon ang kanilang extrang mga kita. At ito ay isang napakalaking halaga ng pera!

Ang iglesia ay nanalangin at humiling sa Diyos paano nila gagamitin ang pera, at Kaniyang ipina-alala sa kanila na Kaniyang ipinangako ang isang traktor. Ang pera ay para sa pagbili ng isang traktor.

- Paano nalaman ng iglesia kung ano ang gagawin?
- Ano ang naging tugon ng iglesia sa ipinakita ng Diyos sa kanila na dapat nilang gawin?
- Ano ang nangyari sa dulo?

Ito ay isang simpleng kwento ng isang simbahang naging masunurin sa Diyos. Ngunit tingnan paano ito nagsimula. Bawat buwan, sila ay nagkakatipon-tipon upang manalangin at hingin sa Diyos ano ang dapat gawin. Kailangan din nating maging ganoon, kailangan nating masiguro na tayo ay nagkakatipon ng regular upang hilingin sa Diyos ano ang ating dapat gawin. Minsan ay bibigyan tayo ng Diyos na isang malinaw na direksyon. Sa ibang mga pagkakataon ay kailangan lang nating ang tila baga ay pinakamahusay na ideya, habang nagtitiwala sa Diyos na Kaniyang ipapakita sa atin kung mali ang ating napili. Ngunit buwan-buwan, kailangan nating bumalik sa Diyos upang humingi ng karunungan. Pakatandaan, ang Kanyang kaparaanan ay laging mas mataas kaysa sa ating kaparaanan.

Ang Pagpaparami ng Diyos

Tandaan ang kwento kanina tungkol sa traktor.

- Ano ang ginawa ng mga tao sa kwento?
    - *Sila'y nanghingi sa Diyos ng karunungan, at kanilang nilawakan ang daraanan ng mga produkto.*
- Ano ang ginawa ng Diyos?
    - *Kanyang ibinigay ang ideya, at kanyang ginawang maging mapagbigay ang mga taga-nayon tungo sa iglesia kaya sila nakabili ng traktor.*
- Kung hindi nila nilawakan o nilaparan ang daraanan ng mga produkto, sila ba ay makakabili ng traktor?
    - *HINDI*

Halos, sa lahat ng pagkakataon, ang ating Diyos may papel na pinagagampanan sa atin sa pagtatatag ng Kanyang kaharian. Kaya kailangan nating magsimulang humiling ng karunungan, ngunit kailangan din nating gawin ang Kanyang ipinapakita sa atin na dapat nating gawin. Sa karamihan ng mga kwento sa Biblia, ang mga tao ay kailangan munang sumunod sa Diyos bago nila nakita ang himala ng Diyos.

MALILIIT NA MGA GRUPONG TALAKAYAN

Panuto para sa Pasiliteytor: *Hatiin ang mga kalahok sa maliliit na mga grupo na may 3-5 miyembro. Bigyan ang bawat grupo ng isang kwento na babasahin na ang bawat grupo ay mayroong babasahin. Gamitin ang* ***TALAAN NG KALAHOK*** *o gumawa ng mga kard na may mga sipi at mga tanong na ibibigay sa bawat grupo.*

Si David at si Goliat

Ang Filisteo at ang mga Israelita ay nasa giyera. Ang Felisteo ay nagsugo ng isang higante, na Goliat ang pangalan sa labanan at nagpahayag na ang bansa ng Israel ay kailangan din magpadala ng isang lalaban kay Goliat. Kung mananalo ang Israel, ang Felisteo ay aalis sa Israel bilang isang talunang mga sundalo. Ngunit kung mananalo si Goliat, ibig sabihin nito ay talo ang bansang Israel at sila ay magiging alipin ng mga taga-Filisteo. Si David ay napakabata pa para sumama sa giyera, ngunit ng kaniyang narinig ang panglalait ni Goliat sa Diyos ng Israel, siya ay nagboluntaryong lalaban kay Goliat.

Basahin ang **I Samuel 17:32-49** *"32 Pagdating kay Saul, sinabi ni David, "Hindi po tayo dapat masiraan ng loob dahil lang sa Filisteong iyon. Ako po ang lalaban sa kanya." 33 Sinabi ni Saul, "Hindi mo kaya ang Filisteong iyon! Batambata ka pa, samantalang siya'y isang mahusay na mandirigma mula pa sa kanyang kabataan." 34 Ngunit sinabi ni David kay Saul, "Ako po ang nag-aalaga sa kawan ng aking ama. Kapag ang isa sa mga tupang inaalagaan ko ay tinatangay ng leon o oso, 35 hinahabol ko po ito at inaagaw ang tupa. Kapag hinarap ako ng leon o ng oso, hinahawakan ko ito sa panga at pinapatay. 36 Nakapatay na po ako ng mga leon at mga oso. Isasama ko po sa mga ito ang Filisteong iyon sapagkat ang nilalait niya'y ang hukbo ng Diyos na buháy." 37 Idinugtong pa ni David, "Iniligtas ako ni Yahweh mula sa mga mababangis na leon at mga oso. Ililigtas din niya ako sa kamay ng Filisteong iyon." Kaya't sinabi ni Saul, "Kung gayon, labanan mo siya at samahan ka nawa ni Yahweh." 38 At ipinasuot niya kay David ang kanyang kasuotang pandigma: ang helmet at ang tansong pambalot sa katawan. 39 Nang maisakbat na ni David ang tabak ni Saul at sinubukang lumakad, hindi siya halos makahakbang sapagkat hindi siya sanay sa ganoong kasuotan. Kaya sinabi niya kay Saul, "Hindi ko na po gagamitin ang mga ito." At hinubad niya ang nasabing kasuotang pandigma. 40 Pagkatapos, dinampot niya ang kanyang tungkod. Namulot siya ng limang makikinis na bato sa sapa, inilagay sa kanyang supot na pampastol at lumakad upang harapin si Goliat. 41 Si Goliat naman ay lumakad ding papalapit kay David, sa hulihan ng tagadala ng kanyang panangga. 42 Nang makita niyang si David ay isa lamang kabataang may maamong hitsura, nilait niya ito, at 43 pakutyang tinanong, "Anong akala mo sa akin? Aso ba ang lalabanan mo at may dala kang patpat?" At si David ay sinumpa ng Filisteo sa pangalan ng kanyang diyos. 44 Sinabi pa niya, "Halika nga rito at nang maipakain ko ang bangkay mo sa mga ibon at mga hayop."*

45 Sumagot si David, "Ang dala mo'y tabak, sibat at pantusok, ngunit lalabanan kita sa pangalan ni Yahweh, ang Makapangyarihang Diyos ng Israel na iyong hinahamak. 46 Ngayong araw na ito'y ibibigay ka ni Yahweh sa aking mga kamay! Pababagsakin kita at pupugutin ko ang ulo mo. At ipapakain ko sa mga ibon at sa mga mababangis na hayop ang mga bangkay ng mga kawal ng hukbong Filisteo. Sa gayon, malalaman ng buong daigdig na may Diyos sa Israel. 47 At makikita ng lahat ng narito na makakapagligtas si Yahweh kahit walang tabak at sibat. Kay Yahweh ang labanang ito at ibinigay na niya kayo sa aming mga kamay." 48 Nagpatuloy ng paglapit si Goliat. Patakbo siyang sinalubong ni David sa lugar ng labanan. 49 Dumukot siya ng bato sa kanyang supot at tinirador niya si Goliat. Tinamaan ito sa noo at bumaon ang bato roon. Si Goliat ay pasubsob na bumagsak sa lupa"

- Ano ang ginawa ni David?
    - *Siya'y nagboluntaryong lumaban kay Goliat.*
    - *Kanyang ideneklara na siya'y bibigyan ng Diyos ng pagtatagumpay.*
    - *Kanyang pinagpasyahang hindi suotin ang kalasag ng hari. Kanyang ginamit ang sandatang siya'y sanay gamitin—tirador at bato.*
- Bakit ito ginawa ni David?
    - *Siya'y naniniwala na ililigtas ng Diyos ang bansang Israel, at kanyang nais na ipamalas ang kapangyarihan ng Diyos.*
- Ano ang naging bunga o resulta?
    - *Siya ay nagtagumpay sa pagpatay kay Goliat. Ang Israel ay nanalo sa giyera.*
- Sa iyong palagay ay nangyari ito kung hindi lumaban si David?
    - *Maaaring hindi. Ang Diyos ay hindi naki-alam hanggang hindi dumating sa eksena si David*.

Si Eliseo at ang Balo

Basahin ang **II Hari 4:1-7** *"1 Minsan, ang asawa ng isa sa mga propeta ay lumapit kay Eliseo. Sinabi niya, "Hindi po kaila sa inyo na ang asawa ko'y namuhay nang may takot kay Yahweh hanggang sa mamatay. Ngayon po, ang dalawa kong anak na lalaki ay gustong gawing alipin ng isa sa mga pinagkakautangan namin." 2 "Ano ang maitutulong ko sa iyo?" tanong ni Eliseo. "Ano bang mayroon ka sa bahay mo?" "Wala po, maliban sa isang boteng langis," sagot niya. 3 Sinabi ni Eliseo, "Puntahan mo ang iyong mga kapitbahay at humiram ka ng mga lalagyan ng langis hangga't mayroon kang mahihiram. 4 Pagkatapos, magkulong kayong mag-iina sa inyong bahay at lahat ng lalagyang nahiram mo'y punuin mo ng langis na nasa bahay mo. Itabi mo ang mga napuno na." 5 Umuwi nga ang babae at pagdating sa bahay ay nagkulong silang mag-iina at isa-isang pinuno ng langis ang mga lalagyan habang ang mga ito'y dinadala sa kanya ng kanyang mga anak. 6 Hindi alam ng ina na puno nang lahat kaya sinabi niya: "Abutan pa ninyo ako ng lalagyan." "Puno na pong lahat," sagot ng kanyang mga anak. At tumigil na ang pagdaloy ng langis. 7 Pumunta siya kay Eliseo, ang lingkod ng Diyos at isinalaysay ang nangyari. Sinabi ni Eliseo sa babae, "Ipagbili mo ang langis at bayaran mo ang iyong mga utang. Ang matitira ay gamitin ninyong mag-iina.""*

- Ang ano sitwasyon ng balo?
    - *Siya'y may pagkakautang na hindi niya mabayaran. Ang kaniyang mga anak ay magiging alipin.*
- Ano ang kaniyang ginawa?
    - *Kaniyang tinanong ang propeta ng Diyos kung ano ang gagawin.*
    - *Siya'y nangoleta ng mga lalagyan ng langis mula sa kaniyang mga kapitbahay. Kaniyang sinunod ang panuto na ibinigay ni propeta Eliseo.*
- Ano ang ginawa ng Diyos?
    - *Kanyang pinarami ang langis upang mapunuan ang lahat ng sisidlan.*
- Ano ang naging bunga nito?
    - *Ang utang ay nabayaran at ang kanyang mga anak ay naligtas sa pangiging alipin.*

Jerico

Basahin ang **Josue 6:1-5, 12-14, 15-17, 20** *"[1] Isinara ang mga pintuan ng Jerico upang huwag makapasok ang mga Israelita. Ipinagbawal na lumabas o pumasok ang sinuman. [2] Sinabi ni Yahweh kay Josue, "Pakinggan mo ito! Ibinigay ko na sa iyong mga kamay ang Jerico, upang sakupin ito at gapiin ang kanyang hari at magigiting na kawal. [3] Ikaw at ang iyong mga kawal ay liligid sa palibot ng Jerico minsan isang araw sa loob ng anim na araw. [4] Pauunahin mo sa Kaban ng Tipan ang pitong paring may dalang mga trumpeta na yari sa sungay. Sa ikapitong araw, pitong beses kayong liligid sa lunsod, at hihipan ng mga pari ang dala nilang trumpeta.*
[5] Pagkarinig ninyo ng isang malakas at mahabang tunog ng tambuli, lahat kayo'y ubod-lakas na sisigaw. Sa sandaling iyon, babagsak ang mga pader ng lunsod at walang sagabal na makakapasok doon ang lahat."
[12] Kinabukasan, maagang bumangon si Josue. Binuhat ng mga pari ang Kaban ng Tipan ni Yahweh, [13] at muling nauna rito ang pitong pari na walang tigil sa pag-ihip ng dala nilang trumpeta. Muling pumuwesto sa unahan nila ang unang hanay ng mga kawal, samantalang ang mga panghuling hanay ay nasa likuran ng Kaban ng Tipan ni Yahweh. Patuloy ang pag-ihip sa mga trumpeta. [14] Nilibot nga nilang minsan ang lunsod noong ikalawang araw, at pagkatapos ay bumalik silang muli sa kampo. Ganito ang ginawa nila araw-araw sa loob ng anim na araw. [15] Nang ikapitong araw, bumangon sila nang magbukang-liwayway, at lumibot nang pitong beses sa lunsod. Noon lamang nila ito nilibot nang pitong beses. [16] Sa ikapitong libot, hinipan ng mga pari ang mga trumpeta at iniutos ni Josue sa mga tao, "Sumigaw na kayo sapagkat ibinigay na sa inyo ni Yahweh ang lunsod! [17] Ang buong lunsod at ang anumang matatagpuan doon ay wawasakin bilang handog kay Yahweh. Si Rahab lamang at ang kanyang mga kasambahay ang ililigtas sapagkat itinago niya ang ating mga isinugo roon.
[20] Kaya't hinipan nga ng mga pari ang mga trumpeta at nagsigawan nang napakalakas ang mga tao nang marinig iyon. Bumagsak ang mga pader ng lunsod at sumalakay sila. Nakapasok sila nang walang sagabal at nasakop nila ang lunsod."

- Ano ang ipinakita ng Diyos sa kanilang gawin?
    - *Sila'y liligid paikot ng Jerico at hihipan ang trumpeta.*
- Ano ang kanilang ginawa?
    - *Kanilang sinunod ang direksyon ng Diyos*
- Ano ang naging bunga nito?
    - *Sila'y nanalo sa labanan. Ang pader ng Jerico ay nasira at bumagsak.*

Naaman

Ito ang kwento ni Naaman. Siya ay kumander ng kasundaluhan ng Syria—isang makapangyarihang tao. Ganon pa man, siya ay mayroong ketong at kanyang narinig na mayroong isang propeta sa bayang ng Israel na maaaring makagamot sa kanya. Kaya, siya ay nagtungo upang katagpuin si propeta Eliseo.

Basahin ang **II Hari 5:9-14** *"[9] Nalaman ito ni Naaman kaya sumakay siya sa kanyang karwahe, at pumunta sa bahay ni Eliseo, kasama ang marami niyang kawal na nakasakay sa kabayo at mga karwahe. [10] Ipinasabi sa kanya ni Eliseo: "Pumunta ka sa Ilog Jordan. Lumubog ka ng pitong beses at magbabalik sa dati ang iyong katawan. Gagaling ang iyong ketong." [11] Nang marinig ito, galit na umalis si Naaman. Sinabi niya, "Akala ko pa nama'y sasalubungin niya ako, tatayo sa harap ko, tatawagan ang Diyos niyang si Yahweh, at ikukumpas ang kanyang mga kamay sa tapat ng aking ketong at ako'y pagagalingin. [12] At bakit hindi na lang sa mga ilog ng Damasco tulad ng Abana at ng Farfar na mas malinis kaysa alinmang ilog sa Israel? Hindi ba puwedeng doon na lang ako maligo para gumaling?" [13] Ngunit lumapit sa kanya ang kanyang mga lingkod at sinabi, "Ginoo, kung mas mahirap pa riyan ang ipinagagawa sa inyo ng propeta, di ba't gagawin ninyo iyon? Gaano pa iyang pinaghuhugas lang kayo para luminis?" [14] Kaya, pumunta rin si Naaman sa Ilog Jordan, at naglublob ng pitong beses gaya ng ipinagbibilin ng propetang si Eliseo. Nagbalik nga sa dati ang kanyang laman at kuminis ang kanyang balat, tulad ng kutis ng bata."*

- Ano ang sinabi ni Eliseo na kanyang gawin?
    - *Maligo sa ilog ng Jordan ng 7 beses.*
- Ano ang naging reaksyon ni Naaman?

    - *Siya ay nagalit. Ang sinabi sa kanya ni Eliseo ay hindi niya ikinatuwa at parang walang saysay, kaya ayaw niya sanang sumunod.*
- Ano ang nangyari nang si Naaman ay sumunod?
    - *Siya ay gumaling.*

PAG-UULAT NG LAHAT

Minsan, ang mga bagay na sinasabi sa atin ng Diyos ay parang walang halaga o hindi natin maunawaan. Ngunit halos lagi, ang Diyos ay mayroong papel na ginagampanan upang makita ang ating komunidad na nababago. Ngunit kailangan nating munang magsimulang sumunod sa direksyon na Kanyang ibinibigay sa atin—kahit na parang maliit o hindi ito naaayon sa ating pang-unawa—at sa halip ay pagkatiwalaan Siya, habang ating sinusunod Siya, ang diyos sa kabilang banda ang magdadala ng kagalingan para sa ating komunidad.

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

Pakinggan ang kwentong ito.

Mga Kagamitan sa Pagtatayo ng Isang Gusali

Sa isang komunidad ng TCT, ang iglesia ay nakaramdam na sila ay hinahamon ng Diyos na magtayo ng matibay na tahanan para sa bawat isa sa komunidad. Sila ay gumawa ng pagsasaliksik sa lugar at kanilang napagpasyahang mayroong 35 mga bahay na malapit ng bumagsak at kailangan ayusin o muling gawin. Sa nakalipas na panahon, ang iglesia ay kumulekta ng mga resorses at kanilang ibinuluntaryo ang kanilang mga panahon upang makumpleto ang trabaho. Kanilang natapos ang 17 sa 35 bahay na kanilang pinaplanong gawin. Ganon pa man, matapos ang ika-17 bahay, kanilang napagtanto na wala na silang resorses na natitira upang magawa pa ang natitirang 18 mga bahay. Sa halip na mawalang nga pag-asa at huminto sa kanilang ginagawa na kanilang nais tapusin, ang iglesia ay nagpasyang magkatipon-tipon upang manalangin at mangiling ng isang gabi upang humiling ng tulong sa Diyos na kanilang matapos ang kanilang proyekto.

Nang sunod na araw, habang sila'y papa-alis na ng kanilang iglesia, isang malaking trak na puno ng gamit panggawa ng bahay ang huminto sa harapan ng simbahan at nagsimulang magbaba ng mga karga nito. Litong-lito, ang mga miyembro ng simbahan ay dali-daling nagtungo sa nagmamaneho nito upang sabihing mali ang lugar na kanilang pinagbababaan ng mga gamit. Dahil wala ni isa sa kanila ang bumili ng anumang gamit panggawa, at dahil wala ni isa sa kanila ang may kakayahang bayaran ang mga iyon. Ang nagmamaneho ng trak ay nagsabi na ang mga gamit na kanilang ibinaba ay responsibilidad na ng simbahan, at kung ayaw nila ang mga materyales na ibinaba, kailangan nilang alisin ang mga iyon. Sa patuloy na pag-uusap ay kanilang napag-alamanan na ang mga materyales na iyon ay sobra na sa isang malapit na bodega, at ang mga iyon ay kinakailangang maalis upang makapagbigay na bagong lugar sa mga bagong gamit. Nang tanungin ng lider ng iglesia bakit sa harap ng simbahan nila ibinaba ang mga materyales, ang nagmamaneho ay sumagot ng simple, na nagsasabing, "Pagod na siyang magmaneho, at naisip ko na ibaba na ang mag ito upang kami ay makabalik na sa bodega."

Kaya, ang iglesia ay nakatanggap ng mga kagamitang panggawa ng libre. Isa itong himala dahil ang ibinigay sa kanilang mga gamit ay sapat upang matapos ang natitirang 18 mga bahay para sa komunidad.

- Bakit naging nais ng iglesia na makapagtayo ng mga bahay para sa bawat isa?
- Ano ang ginawa ng Iglesia?
- Ano ang ginawa ng Diyos?
- Sa iyo bang palagay, ang Diyos ay magpupuno ng kailangan mga materyales kung ang iglesia ay hindi gumawa nang dapat at kailangan nilang gawin (ang pagsasa-ayos ng unang17 mga bahay)?

Kagaya ng sa ating sipi na tiningnan sa Biblia, pinarami ng Diyos ang kanilang kakayahan o pagsisikap pagkatapos nilang magawa ang kanilang nagawa—hindi bago. May mga pagkakataon na tayo ay susurpresahin ng Diyos mula sa Kanyang mapagmahal na biyaya, ngunit karaniwan—gaya ng ating nakita sa Salita ng Diyos—Kanya munang titingnan kung tayo ay susunod muna.

Panalangin

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

Ating basahin ang mga sumusunod na mga talata. Bakit nila tayo tinuturuan tungkol sa Panalangin?

- **Juan 14:13** *"At anumang hilingin ninyo sa pangalan ko ay gagawin ko upang luwalhatiin ang Ama sa pamamagitan ng Anak."*
- **Juan 15:8** *"Napaparangalan ang aking Ama kung kayo'y masaganang nagbubunga at sa gayon kayo'y magiging mga alagad ko."*
- **Juan 16:23-24** *"23 Sa araw na iyon, hindi na ninyo kailangang humingi sa akin. Pakatandaan ninyo: anumang hingin ninyo sa Ama sa aking pangalan ay ibibigay niya sa inyo. 24 Hanggang ngayo'y wala pa kayong hinihingi sa kanya sa aking pangalan. Humingi kayo, at kayo'y tatanggap upang malubos ang inyong kagalakan.""*

Tingnan muli ang listahan ng mga pagbabago na nais mong makita sa iyong komunidad na iyong ginawa sa aralin # 4. (Kung iyong nawala ang listahang ito, maaari kang gumawa ng panibagong listahan ng mga pagbabago na iyong inaasam para sa iyong komunidad—isipin ang mga ito sa ilalim ng mental, pisikal, espiritwal, at sosyal na mga pagbabago).

- Sa iyong palagay, ang mga ito ba ang nais din ng Diyos na pagbabago na makita sa iyong komunidad?
- Ang mga ito ba ay nagtatayo o magtatayo ng kaharian ng Diyos?

MMANALANGIN

Tayo ay maglaan ng panahon upang manalanging sama-sama upang hilingin sa Diyos na gawin ang mga pagbabagong ito sa ating komunidad.

Panuto para sa Pasiliteytor: *Kapag ikaw ay nagkaroon na ng panahong makapanalangin, himinto ng sandali upang manahimik sa harap ng Diyos. Sabihan ang mga kalahok na humiling sa Diyos kung mayroong isang bagay na nais niyang ipakita sa kanila o karunungan na nais niyang ibigay sa kanila upang makapagsimula ng mga pagbabagong ito. Magbigay ng 2-5 minuto ng katahimikan, pagkatapos ay hilingin nga mga kalahok kung mayroon silang nararamdaman na ipinapakita ang Diyos na kanilang dapat gawin.*

Konklusyon

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

- Ano ang mga pangunahing ideya ang inyong natutunan sa araling ito?
- Paano tayo magiging higit na tapat bilang isang grupo upang manalangin at makinig sa Diyos?
- Habang tayo ay nananalangin ngayon, mayroon bang anumang bagay na ipinapakita sa iyo ang Diyos na kailangan nating gawin? (At kung meron, maglaan ng panahon upang ikaw ay makapagplano na gagawing aksyon.

Aralin 7: Ang Papel ng Iglesia sa Pagtatatag ng Kaharian ng Diyos

Pangunahing mga Ideya

1. Ang iglesia ay may mahalagang papel na gagampanan sa pagtatatag ng Kaharian ng Diyos sa ating komunidad.
2. Ang bawat isang tao sa iglesia ay mahalaga at lahat dapat ay kasali sa pagtatatag ng Kaharian ng Diyos sa ilang paraan.

Gagamiting Materyales

1. Tulong sa Pagpapasilita – Poster ng "Ang Papel ng Iglesia sa Pagtatatag ng Kaharian ng Diyos"
2. Tulong sa Pagpapasilita – Mga kard ng "Bahagi ng mga katawan ng tao" (14 na larawan)

Panimula

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

Sa Aralin # 5, ating tiningnan ang proseso ng pagbabago—paano ito magsisimula sa **IYO** at sa iyong **PAMILYA**, **KOMUNIDAD,** at sa **BANSA**. Ganon pa man, mayroon pang isang mahalagang bahagi ng prosesong ito: **ANG IGLESIA.**

Upang makamit ang dakilang pangitaing ito, ang plano ng Diyos ay magkaroon ang iglesia ng isang napakahalagang papel dito sa proseso ng pagbabago.

Basahin ang **Efeso 1:22-23** *"22 Ipinailalim ng Diyos sa paa ni Cristo ang lahat ng bagay, at ginawa siyang ulo ng lahat ng bagay para sa iglesya, 23 na siyang katawan ni Cristo, ang kapuspusan niya na pumupuno sa lahat ng bagay."*

- Ano ang papel ng iglesia?
    - *Ang gawin ang gawain ni Kristo*

Basahin ang **Efeso 3:10** *"Kung ano tayo ngayon ay gawa ng Diyos, at sa pakikipag-isa natin kay Cristo Jesus ay nilikha niya tayo para sa mabubuting gawa na inihanda niya noong una pa man upang gawin natin."*

- Ano ang ginagamit ng Diyos upang ipakilala ang Kanyang karunungan?
    - *Ang iglesia*

Ang mga talatang ito ay hindi laging madaling maunawaan ngunit ang mga ito ay nagpapa-alala sa atin na binigyan ng Diyos ang iglesia ng espesyal na papel sa pagtatatag ng Kanyang Kaharian. Ang iglesia ay ang katawan ni Kristo. Papel ng iglesia na tumupad ng tungkuling ni Kristo, ang pagpapanumbalik ng LAHAT sa Kanya.

- Ano ang mangyayari kung ang iyong iglesia ay magsasara? Magrereklamo ba at hindi papayag ang mga di-mananampalataya sa inyong komunidad na kayo ay umalis o magsara? Bakit at bakit hindi?

Ang iglesia ay dapat magkaroon ng ipekto sa kanyang komunidad na ang mga tao sa komunidad ay sasama ang loob na makita ang iglesiang magsasara o umalis.

Ating iguhit ang isang diagram gamit ang isang simpleng modelo na ating natutunan sa ika-5 Aralin na tungkol sa Pagtatatag ng Kaharian ng Diyos. Tayo ay nagsimula sa isang tao, at pagkatapos ay sa kanyang pamilya at pagkatapos ay sa kanyang komunidad, at pagkatapos ay sa bansa. *(Iguhit ang 4 na kahon sa pisara o ipakita ang **TULONG SA PAGPAPASILITA** – Poster ng "Ang Papel ng Iglesia sa Pagtatatag ng Kaharian ng Diyos)*



Ang Papel ng iglesia ay makatulong sa prosesong ito. *(Isulat ang iglesia sa kahon na nasa gitna na may mga pana na nakaturo palabas.)* Ang iglesia ay may papel magbigay ng kasangkapan sa individual at tulungan silang magkaroon ng ipekto sa kani-kaniyang mga pamilya, komunidad at bansa. Kailangan din nating maghanap ng paraan upang matulungan ang bawat pamilya at mga komunidad maging ayon sa nilalayon ng Diyos sa kanila.

Pagbibigay Kasangkapan sa mga Indibidwal

MALAKING GRUPONG AKTIBIDAD

Panuto para sa Pasiliteytor: *Ipamigay ang **TULONG SA PAGPAPASILITA**: Kard na nalalaman ng mga larawan ng Bahagi ng Katawan ng Tao sa iba't-ibang tao. Patayuin sila at kanilang kilalanin ang bahagi ng katawan na napunta sa kanila. Pagkatapos ay itanong ang mga sumusunod na tanong sa malaking grupo.*

- Aling sa mga bahagi ng katawan ang walang halaga o walang gamit?
- Aling ang pinakamaliit na bahagi ng katawan?
- Ano ang magiging ipekto sakaling ating alisin ang pinakamaliit na mga bahagi ng katawan?
- Kung ang lahat ng mga bahagi ay hiwa-hiwalay, ang mga ito kaya ay gagana?
- Magbigay ng halimbawa paano ang iba't-ibang bahagi ng katawan ay nangangailangan ng ibang bahagi.
- Gaano ka epektibo ang isang katawan kung ang ilang bahagi ng katawan ay nawawala?

Panuto para sa Pasiliteytor: *Sabihan ang ilang kalahok na may hawak ng bahagi ng katawan na kanilang ibaba ang hawak nilang kard.*

- Ang katawan ba ay mas mabuti na ngayon?
- Ano ang magiging epekto kung wala ang mga ito?

Panuto para sa Pasiliteytor: *Papiliin ang mga kalahok sa kanilang palagay na mga pinakamahalagang bahagi ng katawan at pagkatapos ay ibaba ng mga kalahok ang kanilang hawak na sa kanilang palagay ay hindi pinakamahalagang bahagi.*

- Ang katawan ba ay makakagalaw na ng maayos sa ngayon? Bakit hindi—mayroon naman tayo ng mga pinakamahahalagang bahagi ng katawan, tama?

Basahin ang **I Corinto 12:12-20** *"12 Si Cristo'y tulad ng isang katawan na may maraming bahagi. Kahit na binubuo ng iba't ibang bahagi, ito ay nananatiling iisang katawan. 13 Maging Judio o Hentil, alipin man o malaya, tayong lahat ay binautismuhan sa pamamagitan ng iisang Espiritu upang maging isang katawan. Tayong lahat ay pinainom sa iisang Espiritu. 14 Ang katawan ay binubuo ng maraming bahagi at hindi ng iisang bahagi lamang. 15 Kung sasabihin ng paa, "Hindi ako kamay kaya't hindi ako bahagi ng katawan," hindi na nga ba ito bahagi ng katawan? 16 Kung sasabihin ng tainga, "Hindi ako mata, kaya't hindi ako bahagi ng katawan," hindi na nga ba ito bahagi ng katawan? 17 Kung puro mata lamang ang buong katawan, paano ito makakarinig? Kung puro tainga lamang ang buong katawan, paano ito makakaamoy? 18 Subalit inilagay ng*

Diyos ang bawat bahagi ng katawan ayon sa kanyang kalooban. 19 Kung ang lahat ng bahagi ay pare-pareho, hindi iyan maituturing na katawan. 20 Ngunit ang totoo'y marami ang mga bahagi, ngunit iisa lamang ang katawan."

Ngayon, tayo ay gumawa ng listahan ng mga aktibidad na ang iglesia ay kasali o kalahok.
Panuto para sa Pasiliteytor: *Gumawa ng listahan sa pisara o poster. Pagkatapos ay puntahan ang mga sumusunod na puntos:*

- Sa katawan ang bawat bahagi ay mahalaga. Ang iglesia ay dapat maging katulad ng katawan—ang bawat miyembro ng iglesia ay mahalaga upang makapagtatag ng Kaharian ng Diyos. Hindi dapat magkaroon ng di-gaanong kailangang miyembro o walang halagang miyembro. Ang bawat miyembro ba ng iglesia ay gumagawa ng kaniyang importantent papel? Mayroon bang mga miyembro na kung sila'y hihinto sa pagdalo, ito ay hindi magkakaroon ng epekto sa pagtakbo ng iglesia o sa pagtupad ng mga gawain ng iglesia?
- Anong porsyento ng miyembro ng iglesia ang tunay na sumasali sa gawain? (*Kung mahirap masabi ang porsyento, ito ang itanong, 'ilang ang miyembro ng simbahan? Ilan ang nakikibahagi sa mga gawain ng simbahan?)* Ilang porsyento ng katawan ang hindi nakikilahok o hindi nagagamit? *(Hilingin ang mga kalahok na may hawak ng mga bahagi ng katawan ang kasing dami ng porsyentong nabanggit na hindi nakikibahagi na kanilang ibaba ang kanilang hawak na bahagi ng katawan*.)
- Kung ang iyong sariling katawan ay mayroon lamang ganyang porsyento ang gumagana, ano ang iyong magiging pakiramdam? Ito kaya ay totoo rin sa ating iglesia? Ang iglesia kaya ay higit na magiging epektibo king mas malaking porsyento ng miyembro ang gagalaw o gagana?
- Ano ang ating magagawa upang maharap at matugunan ang suliraning ito sa iglesia?

Bakit Kailangan na ang lahat o ang Bawat isa ay Kailangan maglingkod?

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

Basahin ang **Efeso 2:10** *"Kung ano tayo ngayon ay gawa ng Diyos, at sa pakikipag-isa natin kay Cristo Jesus ay* ***nilikha niya tayo para sa mabubuting gawa*** *na inihanda niya noong una pa man upang gawin natin."*

- Saan tayo iniligtas para?
- Lahat ba ng iniligtas ay dapat gumagawa ng mabubuting gawa o para ito sa iilan lamang?
- Ang lahat ba sa inyong iglesia ay gumagawa ng mabubuti?

Basahin ang **Mateo 25:14-30** *"14 "Ang paghahari ng Diyos ay maitutulad sa isang taong maglalakbay. Kaya't tinawag niya ang kanyang mga tauhan at ipinagkatiwala sa kanila ang kanyang ari-arian. 15 Binigyan niya ng salaping ginto[a] ang bawat isa ayon sa kanilang kakayahan. Binigyan niya ang isa ng limanlibong salaping ginto, ang isa nama'y dalawang libong salaping ginto, at ang isa pa ay isanlibong salaping ginto. Pagkatapos nito, siya'y umalis. 16 Kumilos agad ang tumanggap ng limanlibong salaping ginto at ipinangalakal iyon. Kumita siya ng limanlibong salaping ginto. 17 Gayundin naman, ang tumanggap ng dalawang libong salaping ginto ay kumita pa ng dalawang libong salaping ginto. 18 Ngunit ang tumanggap ng isanlibong salaping ginto ay humukay sa lupa at itinago ang salaping ginto ng kanyang panginoon. 19 "Pagkaraan ng mahabang panahon, bumalik ang panginoon ng mga tauhang iyon at sila'y pinag-ulat. 20 Lumapit ang tumanggap ng limanlibong salaping ginto at sinabi, 'Panginoon, ito po ang limanlibong salaping ginto na iniwan ninyo sa akin. Heto naman po ang limanlibong salaping ginto na tinubo nito.'*
21 "Sinabi sa kanya ng panginoon, 'Magaling! Tapat at mabuting lingkod! Halika, samahan mo ako sa aking kagalakan. Naging tapat ka sa kaunting halaga, kaya gagawin kitang tagapamahala ng malaking halaga.'
22 "Lumapit din ang tumanggap ng dalawang libong salaping ginto at ang sabi, 'Panginoon, ito po ang iniwan ninyo sa aking dalawang libong salaping ginto. Heto naman po ang dalawang libong salaping ginto na tinubo nito.' 23 "Sinabi ng kanyang panginoon, 'Magaling! Tapat at mabuting lingkod! Naging tapat ka sa kaunting halaga, kaya't pamamahalain kita sa malaking halaga. Samahan mo ako sa aking kagalakan!' 24 "Lumapit naman ang tumanggap ng isanlibong salaping ginto at sinabi, 'Alam ko pong kayo'y mahigpit at pinipitas ninyo

ang bunga ng hindi ninyo itinanim at inaani ninyo ang hindi ninyo inihasik. [25] Natakot po ako, kaya't ibinaon ko sa lupa ang inyong salaping ginto. Heto na po ang inyong salapi.' [26] "Sumagot ang kanyang panginoon, 'Masama at tamad na lingkod! Alam mo palang pinipitas ko ang bunga ng hindi ko itinanim at inaani ko ang hindi ko inihasik, [27] bakit hindi mo na lamang inilagay sa bangko ang aking salapi! Kahit paano'y may tinubo sana ito! [28] Kunin ninyo sa kanya ang isanlibong salaping ginto at ibigay sa may sampung libong salaping ginto. [29] Sapagkat ang mayroon ay bibigyan pa, at magkakaroon ng sagana; ngunit ang wala, pati ang kakaunting nasa kanya ay kukunin pa. [30] Itapon ninyo sa kadiliman sa labas ang walang silbing taong iyan! Doo'y mananangis siya at magngangalit ang kanyang mga ngipin.'""

- Habang binabasa mo ang talinghagang ito, sa iyong palagay ba ay nagsasaad ito na may mga kristiano na hindi na nila kailangang gamitin ang kanilang talento sa pagtatatag ng Kaharian ng Diyos?
- Ang lahat ba ng kristiano sa iyong iglesia ay ginagamit ang kanilang talento ng lubos para sa Panginoon?
- Paano natin matutulungan ang mga tao upang kanilang gamitin lubos ang kanilang talento sa pagtatatag ng Kaharian ng Diyos?

Upang maitatag ang Kaharian ng Diyos, kailangan nating LAHAT na magtrabaho ng sama-sama. Habang ang isang tao ay maaaring maitatag ang isang maliit na bahagi ng Kaharian ng Diyos, atin namang higit na epektibong maitatag ang Kaharian ng Diyos bilang isang iglesia habang ang buong iglesia ay magsisimulang mamuhay ayon sa kalooban ng Diyos sa lahat ng erya ng ating buhay at ating tutulungan ang iba na ganoon din ang gawin. Inyo bang naiisip kung ang lahat ng inyong miyembro ay nagkumit ng kanilang sarili upang makita ang kalooban ng Diyos na nagaganap sa kanilang buhay, sa iglesia, at sa kanilang komunidad. Ano kayang ipekto mayroon ito sa iglesia at sa komunidad?

Basahin ang **Efeso 4:11-12** *"[11] At binigyan niya ng kaloob upang maging mga apostol, ang iba nama'y mga propeta, ang iba'y mga ebanghelista, at ang iba'y mga pastor at mga guro. [12] Ginawa niya ito upang ihanda sa paglilingkod ang lahat ng mga hinirang, upang maging matatag ang katawan ni Cristo,"*

- Ano ang papel ng mga lider (mga apostol, mga propeta, mga ebanghelista, mga pastor, at mga guro)?
- Sa maraming iglesia, kanilang sinasabi na 10% ng kanilang mga tao ang gumagawa ng 90% ng gawain. Ito po ba ay totoo rin sa inyong iglesia? Paano natin mababago ito?
- Paano tayo magiging higit na mabuti sa pagtatayo o pagpapatatag sa iba, upang kanilang magawa ang trabaho ng paglilingkod sa iba?

Narito ang isang Halimbawa:

Kadalasan, sinasabi na yaong higit na natututo at lumalago ay yaong naglilingkod sa iba. Sa Indonesia, may ilang mga misyunero na naglilingkod sa mga kabataan. Bagaman ang mga misyunerong ito ay nagtuturo sa mga kabataan linggo-linggo, sila'y nalulungkot dahil sa kahinaan ng kanilang pananampalataya at gaano kabagal ang kanilang paglago. Kanilang napagpasyahan na kailangan ng magsimulang maglingkod ang mga kabataan ito, kaya sila ay nagsimula ng bagong batas na tanging yaong mga sumasali lamang sa gawain ang maaaring dumalo sa kanilang linguhang pagsasanay. Halos lahat ng mga kabataan ay nakilahok sa iba't-ibang uri ng gawain. Kanilang ginawa ang lahat mula sa pag-abot sa mga mahihirap na pamilya sa kanilang komunidad hanggang sa pagtulong sa ministeryong pambata. Sa loob ng ilang buwan, napansin ng mga misyonaryo na ang mga kabataang ito ay nagsimulang umunlad sa kanilang pananampalataya. Ngayon ay nalalaman na nila na kailangan pala nilang magbasa ng Biblia at manalangin. Kanilang napagtanto na kailangan nilang magtiwala sa Diyos upang tulungan sila na magkaroon ng kakayahang makatulong sa iba.

- Ano ang nangyari sa kwento ito?
- Ano ang ilang paraan ang mga kabataan ay nagsimulang naglingkod sa iba?
- May nakita ka na ba na umunlad na mananampalataya habang silay nagsimulang makilahok sa paglilingkod sa iba sa pamamagitan ng gawain ng iglesia?
- Sa inyong palagay, bakit umuunlad sa pananampalataya ang taong nagsisimulang maglingkod sa iba?

- Ano ang pangunahing puntos o aralin na maaari nating matutunan mula sa kwentong ito? *(ang paglilingkod sa iba ay nagpapatatag ng ating pananampalataya)*

Pagbabago ng mga Pamilya

Ang iglesia ay maaaring gumawa ng isang papel sa pagtulong sa mga pamilya na mamuhay ayon sa nilalayon ng Diyos.

Ang Biblia ay maraming masasabi tungkol sa kahalagahan ng pamilya. Sa katotohanan nga, ayon sa **Efeso 5:25-33**, sinasabi ng Diyos na ang relasyon ng mag-asawa ay dapat larawan ng relasyon ni Kristo sa iglesia. Sa ibang salita, ang mga tao ay maaaring tumingin sa mga mag-asawang kristiano at ang paraan paano pinakikitunguhan ng mister ang kaniyang asawa ang siyang paraan na matututunan ng iba paano pakitunguhan ng Panginoong Jesus ang Iglesia. Ang Iglesia ay mahalaga.

Kung ang pamilya sa komunidad ay matatatag, ang komunidada ay magiging matatag din. Ganon pa man, kung ang pamilya ay wasak o mahihina, ang komunidad ay wasak o mahihina rin.

Kaya, MAHALAGA para sa Iglesia na maghanap ng pagkakataon upang matulungan ang mga indibidwal na kanilang mapaglingkuran ang kanilang mga pamilya at matulungan itong mamuhay ng naaayon sa nilalayon ng Diyos. Sa ating pagtupad nito, makikita ng iba at sila'y matututo sa mga pamilya na mula sa iglesia, na may mahusay na ipekto sa komunidad. At habang tumatatag ang ating mga pamilya, ganoon din naman ang ating komunidad at bansa!

MALILIIT NA MGA GRUPONG TALAKAYAN

- Ano ang ilang paraan na masuportahan ng iglesia ang mga pamilya upang ang mga ito'y lumagong malakas?
    - *Magbigay ng mga araling pangmag-asawa at pampamilya para sa mga miyembro at komunidad*
    - *Mga kursong pangmagulang*
    - *Klase para sa mga kabataan at mga bata upang mahubog silang maging mabubuting mga anak*
    - *Magkaloob ng mga pagkakataon para sa mga pamilya upang makapaglingkod sa iglesia, sa mga gawain, sa komunidad (paggawa ng 'Acts of Love')*

PAG-UULAT NG LAHAT

Pagbabago ng mga Komunidad

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

Bilang isang iglesia, maaari tayong magkaroon ng ipekto sa ating komunidad sa maraming kaparaanan. Ang tatlong mahahalagang kaparaanan na ang komunidad ay dapat maapektuhan ay ang mga sumusunod:

1. Dumami ang bilang ng mga Kristiano

Ito ay hindi katulad ng paglago o paglaki ng iglesia. (Magagawa natin yan sa pamamagitan ng pagnanakaw sa tupa ng iba—ang pagkuha ng ibang mananampalataya mula sa ibang mga iglesia.) Ang pagpaparami ng bilang ng mga Kristiano ay nangangahulugang na dumadami ang mga di pa mananampalataya na lumalapit at tumatanggap kay Kristo bilang kanilang Panginoon at Tagapagligtas. Ang mga iglesia ay may mahalagang papel na dapat gampanan sa pagtulong sa mga tao upang maunawaan ang ebanghelyo ay ang pagdidisipulo sa bagong mga mananampalataya.

2. Turuan ang komunidada na mamuhay ng may pagsunod sa Diyos

Habang ating natututunan, tayo ay ginawa ng Diyos, at Kaniyang nalalaman ang pinakamahusay para sa atin. Kaniya na ring ipinahayag paano tayo dapat mamuhay sa Biblia. Maaari rin nating matulungan ang iba ng mga payak na prinsipyo mula sa Biblia. Bilang isang iglesia, maaari na tayong maghanap ng mga pagkakataon upang matulungan na mamuhay ng may pagsunod sa lahat ng aspeto ng kanilang mga buhay. Kahit iyong mga hindi pa interesado sa kristianismo ay maaaring maging interesado sa mga aralin tungkol sa kalusugan, paano magkaroon ng matatag na pagsasamang mag-asawa, o paano pangasiwaan ng mahusay ang kanilang pera. Ang kanitong mga uri ng pagsasanay ay parehong makakatulong sa mga tao na mapa-unlad ang kanilang pamumuhay habang sila'y namumhay nang ayon sa biblikal na mga prinsipyo at makatulong upang makapagtatag ng mabuting mga relasyon sa pagitan ng di-mananampalataya at ng iglesia.

3. Tulungan ang kanilang komunidad na mamuhay ayon sa nilalayon ng Diyos sa pamamagitan ng mga proyektong paglilingkod sa iba

Napakamahalaga para sa ating komunidad na di lamang marinig ang tungkol sa pag-ibig ng Diyos at ng Kanyang kalooban para sa bawat bahagi ng buhay ng tao, kailangan din nilang makita ito! Ating tingnan kung ano ang sinasabi ng Biblia tungkol dito.

MALILIIT NA MGA GRUPONG TALAKAYAN

Basahin ang mga talata at sagutin ang sumusunod na mga tanong:

- **Mateo 20:28 – Bakit si Jesus ay dumating sa lupa?**

Mateo 20:28 *"Sapagkat maging ang Anak ng Tao ay naparito, hindi upang paglingkuran, kundi* ***upang maglingkod at ialay ang kanyang buhay*** *sa ikatutubos ng marami."*

- **Filipos 2:4-9 – Paano inilarawan ni Pablo ang ating Panginoong Jesus?**

Filipos 2:4-9 *"4 Pagmalasakitan ninyo ang kapakanan ng iba, at hindi lamang ang sa inyong sarili. 5 Nawa'y magkaroon kayo ng kaisipan na tulad ng kay Cristo Jesus. 6 Kahit taglay niya ang kalikasan ng Diyos,* ***hindi niya ipinagpilitang manatiling kapantay ng Diyos****. 7 Sa halip, kusa niyang* ***binitawan ang pagiging kapantay ng Diyos, at namuhay na isang alipin****. Ipinanganak siya bilang tao. At nang siya'y maging tao, 8* ***nagpakumbaba siya at naging masunurin hanggang kamatayan****, maging ito man ay kamatayan sa krus. 9 Dahil dito, siya'y lubusang itinaas ng Diyos, at binigyan ng pangalang higit sa lahat ng pangalan."*

- **Santiago 1:27 – Anong uri ng Relihiyon ang kalugod-lugod sa Diyos?**

Santiago 1:27 *"Ang relihiyon na dalisay at walang dungis sa harap ng ating Diyos at Ama ay ito:* ***pagtulong sa mga ulila at sa mga biyuda sa kanilang kahirapan****, at pag-iingat sa sarili upang huwag mahawa sa kasamaan ng mundong ito."*

- **Marcos 12:31 – Ano ang iniuutos ng Diyos na ating gawin?**

Marcos 12:31 *"Ito naman ang pangalawa, '***Ibigin mo ang iyong kapwa*** gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili.' Wala nang ibang utos na hihigit pa sa mga ito.""*

PAG-UULAT NG LAHAT

Si Jesus ay dumating sa mundo upang maglingkod. Sa katotohanan nga, In fact, nang sinabi ng Biblia na, '*Kahit taglay niya ang kalikasan ng Diyos*,' ay nangangahulugang itong, '**kahit na siya'y Diyos**, ay niya ipinagpilitang manatiling kapantay ng Diyos, *5a halip, kusa niyang* ***binitawan ang pagiging kapantay ng Diyos, at namuhay na isang alipin****.'* Paka-isipin, dahil Siya'y Diyos, Kanyang ginawa ang Kanyang sariling wala, kanyang kinuha ang anyo ng isang alipin. Ang kalikasan ng Diyos ay ang maglingkod. Dahil ang iglesia ay ang katawan ni Kristo, ang kalikasan ngayon ng iglesia ay ang makapaglingkod.

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

Ang ating pagmamahal sa Diyos at ang ating pagmamahal sa kapwa ay dapat maging sanhi ng ating paglilingkod sa iba. Sa parehong paraan ng si Jesus ay naglingkod, ang layunin ng iglesia ay makapaglingkod sa pamamagitan ng pagtulong sa tao upang makilala at lumago kay Kristo at sa pagpapamalas ng Kaniyang pagmamahal sa iba. Habang ating pinaglilingkuran ang ating mga komunidad, makikita nating silang nababago.

Ating basahin ang isang kwento tungkol sa isang komunidad na nabago habang pinaglilingkuran ito ng iglesia.

Ang Paaralan ng Komunidad

Kagishu, isang mahirap na bayan na ang mga bahay ay gawa lamang sa itinapong mga yero at pira-pirasong mga kahoy, at may isang simbahan na may 15 miyembro. Ang iglesiang ito ay naimbitahan na dumalo sa isang pagsasanay tungkol sa Pangkalahatang Paglilingkod/Ministeryo (wholistic ministry training) at kanilang napili si Meshack, isang 21 na taong gulang, na dumalo sa nasabing pagtitipon. Si Meshack ay nagbalik sa kanilang iglesia dala-dala ang isang bagong pangintain: "Ang pagsunod sa Panginoong Jesus ay hindi opsyonal!" Si Meshack, kasama ang kanilang isang nakakatanda sa iglesia, at ang kanilang pastor at asawa nito ay nagsimulang manalangin, humihiling sa Diyos na bigyan sila ng karunungan paano nila maipapakita ang pagmamahal ng Diyos sa kanilang komunidad. Dumating ang kasagutan ng Diyos: Magsimula ng isang paralan para sa mga bata sa kanilang simbahan.

Kaagad nilang niyaya ang mga miyembro ng simbahan na may mga anak ngunit hindi kayang magpa-aral kahit sa maliit na bayad sa kanilang pampublikong paaralan. Marami ang sumang-ayon na kanilang ipapasok ang kanilang mga anak sa bagong paaralang ito. Kahit walang pagsasanay, sina Meshack, ang pastor at ang kanyang asawa ay nagsimulang magturo sa 13 mga mag-aaral, na ang edad ay mula 6 hanggang 12, sa isang silid sa kanilang simbahan, kahit walang mga upuang pang-paaralan, walang mga aklat at ano pa mang kagamitan. Ang mga tao sa bayan ay walang paki-alam sa bagong paaralan at ayaw nilang magkaroon ng anumang ugnayan dito, kaya kanilang ninanakaw sa gabi ano mang gamit mula rito. Ang unang sahod ni Meshack ay kanyang natanggap nang mag-iikapitong buwan na — isang dolyar at ilang mga kaloob ng mga magulang ng mga bata.

Nag-imbita sina Meshack at Dismus ng mga bata sa kanilang kapaligiran at ang paaralan ay lumago. Di nagtagal at nagkaroon sila ng 45 mag-aaral na may iba't-ibang taong gulang na kanilang tinitipon sa isang silid lamang sa kanilang simbahan. May isang nagboluntaryong magturo nang dumating ang ika-anim na buwan at isa pa nang ika-walong buwan. Nang umabot na sila ng 100, ang mga guro ay nakatayong magkatalikod sa gitna ng silid na nakaharap na nagtuturo sa kanilang mga mag-aaral. Di nagtagal ay naglipatan ang mga kapitbahay na nabigyan ng mas malawak na lugar para sa paaralan. Bago pa dumating ang ikalawang taon ng bagong paaralan ay mayroon na silang 2 gusali na may mahigit sa 10 silid-aralan na maaari ring magamit na silid-aralan sa araw ng Linggo.

Nang sumunod na taon, ang simbahan ay bumili ng lupa malapit sa Kawangware, nagpatayo rin sila ng permanenteng gusali, at doon sila'y lumipat. Sa kanilang ika-anim na taon, mayroon na silang 16 na guro na kanilang pinapasweldo, at 5 pang impleyadong di-nagtuturo, at mayroon na silang 445 na mag-aaral.

Ito ay pasimula pa lamang ng kanilang kwento tungkol sa kanilang komunidad, ang paaralan at ang simbahan. Bilang direktang bunga ng pagsisikap na ito, mayroon na silang bagong mataas na paaralan sa kanilang kalapit bayan na may 10 guro at 60 na mag-aaral. Isang pang iglesia naman ang nagsimula ng isang maliit na paaralan para sa mga 5 taong gulang pababa at ito ay mayroong 20 mag-aaral na ang mga nanay nito ay kailangang magsipagtrabaho. Ang simbahang unang nabanggit ay lumago sa kanilang bilang ng dumadalo na ngayon ay mayroon na silang 60 at nakapagtanim rin sila ng panibagong simbahan na may apatnapung miyembro. Ang bawat isang iglesia sa kwentong ito ay nakapagtanim ng tig-dadalawang bagong mga iglesia sa iba't-ibang mga lugar.

Makalipas ang anim na taon mula ng sumunod na may pagsasakripisyo ang isang maliit na iglesia, kasama ng mga miyembro nito, hindi maitatanggi ang malaking epekto nito sa kanilang mga komunidad at mga iglesia sa palibot nito. Sa katotohanan nga, ang malaking pagababago sa Kagishu ay napatunayan nang ang isa sa mga miyembro ng komunidad ay nagbigay ng suhestyon na kanilang palitan ang pangalan ng kanilang lugar mula sa Kagishu (na nangangahulugang "Ang Kutsilyo") at palitan ito ng Ruita (na nangangahulugang naman na "Pag-aalis ng isang bagay na mapanganib").

- Ano ang nangyari sa kwento?
- Gaano kalaki ang iglesia noong una?
- Ano ang naging ipekto ng kanilang aksyon?

Pag-aani ng mga pananim

Sa isang kanayunan, kanilang tradisyon na sa tuwing anihan na ng kanilang mga pananim, ang mga tao sa komunidad ay magsasama-sama upang magtulungan sa pag-aani sa taniman. Ganon pa man, ang may-ari ng lupaing aanihan ay kailangan maghanda ng pagkain at maiinom para sa bawat tumutulong na mga kababayan sa lahat ng araw ng anihan. Sa kasawiang palad, dahil sa laki ng kailangan gastusin upang mapakain ang mga tumulong, maliit na lamang ang kikitain ng may-ari mula sa inani.

Ang iglesia ay nagpasya na kanilang tutulungan ang mga mahihirap sa komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay ng kanilang tulong sa pag-aani na hind kailangan ng may-ari ng lupa na bayaran sila o magpakain pa sa kanila. Sa halip ay magdadala sila ng kani-kanilang sariling pagkain at inumin para sa pananghalian. Gaya nang nakita ng mga tao sa komunidad sa ginagawa ng mga tao s simbahan, sila rin ay nagsimulang magkaloob ng kanilang tulong sa pag-aani ng hindi humihingi ng bayad at hindi na kailangang magpakain pa sa maraming tao ang may-ari ng lupa.

Mula noon, ang bawat isa sa komunidad ay tumutulong sa bawat isa sa panahon ng tag-ani. Wala nang kailangan pagkain o inumin na kailangang ihanda ng may-ari ng lupa. Dahil dito ay tahasang lumaki ang kinikita ng mga may pananim, at bunga nito, mayroon na silang sapat na makakain sa loob ng isang taon.

- Ano ang ginawa ng Iglesia upang makatulong sa kanilang komunidad?
- Ano ang naging ipekto nito? Anong mga pagbabago ang nagawa nito para sa buong komunidad?

Konklusyon

MALILIIT NA MGA GRUPONG TALAKAYAN / AKTIBIDAD

- Ano ang ilan sa mga bagay na magagawa ng iglesia upang mapaglingkuran ang komunidad?
- Paano matutulungan ng ating iglesia ang mga indibidwal upang makapamuhay ng ayon sa nilalayon ng Diyos?

PAG-UULAT NG LAHAT AT PANANALANGIN

Pahintulutan ang bawat grupo na magbahagi ng kanilang mga ideya sa klase. Tapusin ito sa panalanging humihingi sa Diyos na Kanyang ipakita sa atin paano tayo makapaglilingkod sa ating komunidad at mamuhay ng ayon sa nilalayon ng Diyos.

Araling 8: Susunod na Hakbang

Pangunahing Ideya:
Kailangan nating gumawa ng mga plano at maging intensyonal tungkol sa mga mahahalagang bagay sa buhay tulad ng 'Acts of Love.'

Gagamiting Materyales

1. **TALAAN NG KALAHOK**: Ang mga Hakbang sa Pagpaplano ng 'Act of Love'
2. Listahan ng mga Pagbabago mula sa Aralin 4

Bakit Mahalaga ang Pagpaplano

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

Ating basahin ang isa pang kwento:

Si mister Lim ay isang magsasaka at nagtungo s'ya sa kanyang lupain upang maihanda ito sa para mataniman ngunit naalala n'yang s'ya'y inutusan ng kanyang asawa na pakanin ang mga manok, kaya s'ya'y umuwi upang pakainin ang mga manok. Habang nagpapakain ng mga manok, kanyang napansin na sira ang kulungan ng mga kambing. Siya ay nag-alala na kung hindi ito kaagad magagawa ay maaaring makawala ang mga kambing. Bumalik siya ng kanilang bahay upang maghanap ng alambre upang maayos ang kulungan. Dahil wala siyang tamang mga kagamitan, pumunta s'ya sa kanyang kapitbahay na si mister Son upang manghiram ng gamit. Dahil naroroon na siya, minarapat n'yang makipagkwentuhan kay mister Son ng sandali, na isang bagong mananampalataya sa kanilang iglesia at kanya ring narinig na nahihirapan din si mister Son sa ilang mga bagay. Nang mag 11:30 ng umaga, inimbitahan s'ya ng asawa ni mister Son na doon na mananghalian. Nang kanyang napagtanto ang oras ay humingi siya ng paumanhin at hindi niya mapapa-unlakan ang imbitasyon at umuwi agad upang mananghalian kasama ng kanyang pamilya. Pagkatapos ng maikling pamamahinga, nagpatuloy s'ya sa pagkukumpuni ng kulungan ng mga kambing. Habang kanyang tinatapos ang kanyang ginagawa, pina-alalahanan s'ya ng kanyang asawa na ang kanilang poso ng tubig sa balon ay hindi gumagana at sinabi pa nito, na kanyang gawin na rin habang nasa kanya pa ang kagamitan in mister Son. Nang magtatapos na ang araw ay kanya na ring halos natapos ang poso ng tubig. Ganon pa man, hindi pa s'ya nakakarating sa kanyang lupa para magtanim, ngunit nasiyahan naman s'ya sa kanyang nagawa, yaman, alam n'ya na sa kinabukasan ay kailangan n'ya na lamang tapusin ang poso, isauli ang gamit kay mister Son para makapagsimula na s'yang makapagtanim.

- Ano ang nangyari sa kwento?
- Ang kanya bang mga ginawa ay mga pangit na bagay o mga kailangang gawin?
- Ano ang magiging resulta kung ang magsasakang ito ay magpapatuloy sa kanyang mga ginagawa at hindi makapagtatanim dahil sa ibang mga gawain?
- Naranasan mo na ba ang ganitong sitwasyon?
- Paano nating masisiguro na hindi ito mangyayari sa atin?

Maraming panahon, ang ating pagsisikap na mapaglingkuran ang ating komunidad ay katulad ng mga araw na nangyari sa kwento ng magsasaka. Tayo ay masyadong maraming ginagawa, mula sa isang problem patungo sa sunod na mga problema, na ang pinakamahalagang bagay ay hindi na nagagawa dahil naubos na ang ating panahon sa paggawa ng mga kagyat na mga bagay. Bunga nito, bigo tayong magawa ang mga importateng mga bagay sa buhay. Ang higit na nakakabalisa rito, ang ating mga buhay ay tulad sa buhay ng ating kwento tungkol sa magsasaka. Tayo ay masyadong abalang nagmamadali sa pagpunta sa isang lugar patungo sa isa pa na hindi nating napagtatanto kung ano ang pinakamahalaga na dapat nating unahin. Ang unang bagay na dapat nating gawin ay magpasya kung ano ang pinakamahalagang bagay na dapat nating paglaanan ng oras at

panahon. Kung alam natin kung ano ang pinakamahalaga, ito ay makakatulong sa atin makagawa ng pagpapasya saan natin dapat ituon ang ating panahon.

- Ano ang mga pangunahing mga bagay na kailangang gawin sa susunod na tatlong buwan upang maging matagumpay sa pagtatatag ng Kaharian ng Diyos sa inyong komunidad?
  - *Pananalangin at paggugol ng panahon kasama ang Diyos –ang pagdadala sa Diyos sa ating pang-araw-araw na gawain ay makakatulong sa ating malaman kung ano ANG pinakamahalaga!*
  - *Pagtuturo sa iba – Kung nais nating higit na maraming parte ng katawan ang makiki-isa sa paglilingkod, kailangan nating ituro sa iba ang ilan sa ating mga natutunan sa araling ito.*
  - *Pakikipag-ugnayan para sa 'Acts of Love' – Kailangan magpapatuloy ang paggawa ng 'Acts of Love' sa regular na pagkakataon.*
  - *Pagpupulong ng regular bilang isang katawan ni Kristo upang magpalakasan at himukin ang bawat isa*.

Pagpupulong

MALAKING GRUPONG TALAKAYAN

Kailangan mong pumili ng iyong grupo na palagiang magtatagpo upang regular na magpaplano ng mga Gawa ng Pag-ibig. Kadalasan, ito ay isang komite ng simbahan at maaaring magtagpo sa tuwing nakatakdang pagpupulong.

- Anu-ano ang mga bagay na dapat gawin sa tuwing magpupulong?
  - Manalangin – tanging sa kalakasan lamang ng Diyos na makita nating nagbabago ang ating komunidad. Kailangan nating maglaan ng panahon para sa sama-samang pananalangin kung tayo ay seryoso tungkol sa pagbabago.
  - Magpasya kung anong Gawa ng Pag-ibig ang ipapamalas.
  - Mag-isip ng mga ideya para sa mga bagay na iyong gagawin upang matulungan ang iyong komunidad.

Sa inyong pagpupulong, maglaan ng oras para manalangin at talakayin ang mga pangangailangan sa komunidad. Manalangin **kung** dapat ka bang tumulong at **paano**. Dagdag pa rito, dapat pag-aral ang huling pagpapamalas ng Gawa ng Pag-ibig upang mapagtanto kung ano ang magandang bunga nit at ano rin ang hindi magandang nangyari. Tanungin ang sarili kung ano ang magagawa na kakaiba sa susunod na pagkakataon.

'Acts of Love'

MALAKING GRUPONG AKTIBIDAD

Bilang isang grupo, Balikang aralin ang katangian ng isang 'Act of Love.'

Panuto para sa Pasiliteytor: *Habang iyong dinadaanan ang bawat katangian, tingnan kung matatandaan ng mga kalahok ang paliwanag sa bawat katangian.*

1. **Ginawa upang ipakita ang pag-ibig ng Diyos**
   Ang ating layunin ay hindi upang gawing mananampalataya ang mga tao (bagaman ay lagi natin itong inaasahan na makikilala ng mga tao ang Diyos) kundi upang ipakita sa kanila ang pagmamahal ng Diyos. Ayaw natin na kanilang maramdaman na sila'y ating namanipula sa pamamagitan ng ating 'Acts of Love,' tulad nang atin silang pinadadalo sa ating iglesia.

2. **Ginawa sa pagsunod sa Diyos**
   Minsan ito ay nangangahulugan na ang 'Acts of Love' na ating ginagawa ay hindi natin lubos na nauunawaan o hindi natin makita ang kabuluhan nito. Hindi natin agad-agad na ginagawa ang isang bagay para sa pinakamahirap na tao sa ating komunidad. Sa halip ay ating ang ipinakita sa ating Diyos na ating gawin para sa kanila—kahit na ito ay ang mahalin ang isang gang lider!

3. **Maliit at Simple**
   Nais nating mapanatili ang ating 'Acts of Love' na maliit at simple lamang upang ito'y madaling magawa at marami ang makakasali.

4. **Ginawa Gamit ang Lokal na Resorses**
   Nais nating gamitin ang resorses sa ating komunidad. Ang paggamit sa ating resorses—kaysa sa paghahanap ng magdodoneyt o magbibigay—ay higit na pagpapamalas ng pag-ibig sa komunidad. Kadalasan, habang ating ginagamit kung ano ang meron tayo, ito'y pinaparami ng Diyos.

5. **Ginawa sa Kalakasan ng Diyos**
   Tayo ay mauubusan ng lakas kung ating gagawin ang mga 'Acts of Love' sa ating sariling lakas. Manalangin at humingi sa Diyos na bigyan ka ng lakas na iyong kakailanganin.

6. **Isali ang Maraming Tao Hanggang Maaari**
   Nais nating isali ang maraming tao hanggang maaari sa paggawa ng 'Acts of Love,' di lang sa pagbibigay, kundi maging sa paggamit ng kanilang talento at enerhiya upang makapaglingkod. Nais nating makita ang buong katawan ni Kristo na aktibong naglilingkod sa komunidad.

7. **Ginawa upang ang Diyos ay mapapurihan**
   Nais natin maibigay sa Diyos ang lahat ng luwalhati sa dulo ng aktibidad na ito!

Ngayon, tingnan ang ating listahan ng mga ideya para sa pagbabago sa inyong komunidad na iyong nagawa sa ika-4 na aralin.

MANALANGIN
Bilang isang grupo, manalangin paano makapagsimula upang makagawa ng isa sa mga pagbabagong nais makita. Maglaan ng panahon upang makinig sa Diyos at ibahagi ang Kanyang ipinapakita sa iyo.

GUMAWA NG IYONG PLANO:
Balikan ang hakbang sa pagpaplano ng isang 'Act of Love' *isa inyong* ***TALAAN NG KALAHOK****.* Saka pumili ng isang pagbabago at magkasamang magplano ng isang 'Act of Love' upang makatulong na ito ay magawa.

Mga Hakbang sa Pagpaplano ng 'Act of Love'

Hakbang # 1: Panalangin
Ang unang dapat gawin ay ang manalangin. Maglaan nang sapat na panahon para sa pananalangin. Manalangin sa Diyos na ipakita sa iyo kung anong 'Act of Love' ang inyong dapat gawin. Siguruhin na manahimik ng ilang minuto upang makinig sa Diyos.

Hakbang # 2: Pumili ng Aktibidad
Bilang isang grupo, magpasya kung anong 'Act of Love' ang inyong gagawin. Ang Diyos ba ay nagbigay sa iyo ng Inspirasyon? Kung mayroon isa sa inyo ang may ideya ano ang maaaring maging magandang 'Act of Love,' hilingin silang magbahagi. Ganon din, tingnan ang ilang ideya na iyong nailista sa ika-5 aralin: Nais ng Diyos na ang Iglesia ay makatulong at sa ika-6 na aralin: Ano ang ilang mga kailangan na maaarin nating maitulong. Sama-sama, magkasundo sa inyong pakiramdam kung saan kayo pinangungunahan ng Diyos na gawin.

Kapag kayo ay nakapili na, siguruhin an inyong magagawa ito sa loob ng isang araw lamang. Ang ibang mga grupo ay pumipili ng malaking proyekto. Magpatuloy na mag-isip hanggang may maisip na kayo na inyong magagawa sa loob ng isang araw lamang, gamit ang lokal na resorses, at isinasali ang marami hanggang maaari.

Panuto para sa Pasiliteytor: *Kung ikaw ay gumagawa ng mga plano para sa maliliit na mga grupo, pahintulutan ang mga grupo na magbahagi ng kanilang ideya at makinig ng puna mula sa iba.*

- Nagpapakita ba ito ng pagmamahal?

- Ito ba ay maliit at simple?
- Magagawa ba ito gamit ang lokal na resorses na mayroon na?
- Maaari bang makasali ang marami tao hanggang maaari?

Hakbang # 3: ihanda ang Plano
Talakayin ang sumusunod na mga tanong, itala ang mga sagot upang hindi makalimutan.

- Ano ang iyong gagawin?
- Anong resorses ang iyong kakailanganin? Saan mo kukunin ang mga bagay na iyon? Sino ang kukuha ng mga ito?
- Sino ang iyong tutulungan?
- Sino-sino ang lalahok sa pagtulong? Sino ang mag-iimbita sa lahat?
- Kailan mo ito gagawin?

***Panuto para sa Pasiliteytor**: Kung ang mga kalahok ay gumagawa sa maliliit na mga grupo, pahintulutan ang bawat grupo na kanilang ipresenta ang kanilang plano. Hilingin ang ibang grupo ng anumang suhestyon na maaaring makapagpatatag ng plano.*

Hakbang # 4 Panalangin
Kapag inyo nang natapos isulat ang inyong plano, maglaan ng panahon upang manalangin muli. Manalangin sa Diyos na tulungang kayong makumpleto ang proyekto at paramihin ng Diyos ang mga resulta nito. Manalangin na ang Pangalan ng Panginoon ay maluwalhati. Sa loob ng susunod na linggo o dalawang linggo habang kayo ay naghahanda para sa inyong proyekto, ay dapat kayong nananalangin na tutulungan kayo ng Diyos sa inyong proyekto.

***Panuto para sa Pasiliteytor:** Ipaliwanag sa mga kalahok na mayroon pang natitirang dalawang hakbang na ating tatalakayin ngayon. Basahin ang pagsasalarawan ng dalawang natitirang mga hakbang.*

Hakbang # 5: Gawin ang 'Act of Love'
Ang sunod na hakbang ay isakatuparan ang ginawang plano. Simulan ang inyong araw sa pananalangin at ihandog ang inyong pagsisikap sa Diyos. Tandaan na inyong ginagawa ang proyektong ito upang maipamalas ang pag-ibig ng Diyos sa iyong komunidad sa inyong pagsisikat maitatag ang Kaharian ng Diyos. Sikaping mapanatili ang pag-uugali na umuugma sa layunin.

Hakbang # 6: Magsuri at Mag-ulat
Ang huling hakbang ay ang pagsusuri at pag-uulat. Bakit natin kailangan itong suriin? Dahil ito ay makakatulong sa atin na matuto. Maaari nating maisip ang mga bagay na maganda nating nagawa at magagawa upang mapabuti pa ito sa susunod na pagkakataon. Hindi kanilangan na maging mahabang proseso ito; maaari lamang maglaan ng ilang minuto upang sagutin ang mga sumusunod na mga tanong:

- Ano ang magandang nangyari?
- Ano ang hindi magandang nangyari?
- Paano mapapabuti ang plano?
- Anu-ano ang mga tugon na iyong inaasahan? Kung hindi, bakit hindi?
- Naluwalhati ba ang Diyos?

PANALANGIN
***Panuto para sa Pasiliteytor**: Magsara sa panalangin—bilang isang malaking grupo, o bilang maliliit na mga grupo o kasama ang isang kapartner hanggang pinapahintulot ng panahon.*